


PAG-AASAWA AT DIBORSIYO

 Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon para sa isang sandali ng pananalangin. Pinakamapagpalang Ama, pinasasalamatang Ka po namin ngayong umaga para sa pribilehiyong ito na makaparito sa bulwagang ito, na hinaharap ang kahihinatnan ng araw na ito. Subalit hindi namin alam kung ano ang nakalaan ngayong araw, ngunit alam namin kung sino ang may hawak ng araw na ito. Kaya dalangin po namin na Siya Na may hawak ng ngayon at ng bukas, at ng buong Walang Hanggan, ay pagpalain kami ngayon habang nagkakatipon kaming sama-sama sa Kanyang Pangalan, upang higit naming malaman kung paano mamuhay para mapaglingkuran Siya. Ito ang ganap naming hangarin, Ama. Diyos, na Siyang nakakaalam ng aming mga puso, ay nalalaman Mo po na totoo ito. Ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo, kalakip ng—ng nalalabing bahagi ng araw na ito, para sa Iyong gawain, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Maupo na kayo.

² [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang tao sa entablado—Pat.] Salamat. Hetong isa pa rito.

³ Magandang umaga, mga nakikitang tagapakinig at gayon din sa mga hindi nakikitang tagapakinig sa buong bansa kung saan tayo'y nakakonekta ngayong umaga. Binibigyan ako nito ng isang malaking pribilehiyo na maparito at mangusap ngayong umaga tungkol sa mahalagang paksang ito. Sa mga nakikitang tagapakinig, medyo nakalilito nga talaga, dahil nga sa harapan ko ay may mga tabing, pagkatapos ay kailangan kong magsalita sa kanan at sa kaliwa. At sa mga di-nakikitang tagapakinig, nasa kanan ko ang bulwagan, at gayon din ang himnasyo sa kaliwa ko; at ako'y nasa ibaba, na nakabukas ang mga tabing sa pagitan, kumakatawan sa kanang panig at kaliwang panig ko. At tayo'y siksikan, ngayong umaga, sa buong bulwagan, maging sa himnasyo, at maging doon sa simbahan, sa simbahan doon sa Eighth at Penn Street. At sa mga lugar na hindi na kasya ang mga tao, dinadala na ito sa pamamagitan ng koneksiyon ng telepono roon sa iba pang mga lugar.

⁴ Nagkaroon tayo ng isang napakagandang panahon sa Panginoon, at tayo'y may malaking bagay na inaasahan para sa gawaing ito ngayong umaga. At ngayon mamayang gabi bilang siyang panahon ng pagtatapos ng apat na araw na kampanyang ito, aba'y, siyempre inaanyayahan natin ang lahat, na makakadalo, na pumarito. Tayo'y nagtitiwalang bibigyan tayo ng Panginoon ng dakilang kasukdulán mamayang gabi sa pamamagitan ng paggawa ng isang lubhang di-pangkaraniwang

bagay, na anupa't Kanyang pagagalingin ang lahat ng mga maysakit at gagawin ang mga dakilang bagay na karaniwan na Niyang ginagawa. At tayo'y may malaking bagay na inaasahan para mamayang gabi. Ang publiko ay malugod na inaanyayahan, lahat, bawat iglesya ng bawat denominasyon. Ni hindi kailangan na Cristiano kayo; kami'y talagang nag-aanyaya sa mga makasalanan na makidalo, makiupo sa amin. At gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para ituro sa kanila kung ano ang daan ng Panginoon, na maaari nating ipamuhay.

⁵ Ngayon ay umaasa ako na hindi kakabahan ang mga tagapakinig. At ako'y nagtitiwala sa Diyos na hindi rin ako kakabahan, dahil ako'y nagkaroon ng napakatinding gabi, maraming kabigatan. Sapagkat napagtatanto ko na ang mga bagay na aking sasabihin ngayong umaga ay pananagutan ko sa Araw na Paghuhukom, at ako—hindi ako makatulog, at alam ko na kung hindi ko rin sasabihin ang mga iyon ay pananagutan ko iyon sa Araw ng Paghuhukom. Kaya ito'y mahirap, hindi mo ito maipaliwanag.

⁶ At ngayon sa umagang ito ay 'yung dakilang paksa na ating tatalakayin tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*. At ang dahilan kaya ginawa ko ito na Sunday school, ay para mapag-usapan natin ito at hindi natin kailangang magmadali, kaysa kung mangangal ka ng isang sermon tungkol dito. Isa itong pagtuturo mula sa Kasulatan.

⁷ At aking—gusto kong sabihin na, kung may sinumang ministro o mga ministro, saan mang lugar, kung sakali mang mapasakamay nila ang teyp na ito, kung ilalabas man natin ang teyp na ito. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ng iglesya tungkol dito. Hinihiling ko kay Kapatid na Fred na makipagkita muna sa lupon ng iglesya bago niya ilabas ang teyp na ito. At sa inyo na mga tao sa buong bansa, na nagrerekord na sa teyp, pakiusap na huwag n'yong ilabas ang teyp malibang marinig n'yo muna kay Kapatid na Sothmann ang tungkol dito.

⁸ Ngayon, at kung ito'y mailabas man, at may sinuman sa aking mga kapatid na ministro, o may sinumang Cristiano saan mang dako, na hindi sasang-ayon sa mga bagay na sinasabi ko tungkol sa paksang ito, ako—nagtitiwala ako na hindi n'yo Ito pupulaan. Kung hindi n'yo Ito maunawaan sa paraan ng pagtuturo ko Rito, buweno, may karapatan kayo roon, bilang isang ministro, bilang isang pastol. At inirerespeto ko ang anumang bagay na pinaniniwalaan n'yo.

⁹ At may dalawang pangunahing grupo ng kaisipan tungkol dito. At kung may dalawang isyu, tiyak na may isang tama sa kanila, kung hindi ay wala ni isa sa kanila ang tama. Kaya sisikapin nating magsaliksik sa Salita ng Diyos, ngayong umaga, para maiayos na ito. Para sa akin, kung isa itong katanungan sa Biblia, tiyak na nasa Biblia ang sagot dito.

¹⁰ At ngayon bago muna natin talakayin ang mga ito, umpisahan ang paksang ito, pala, bago ko ipanalangin ang Salita, gusto kong ipahayag sa bawat isa sa inyo, na ako . . . sa inyo na mga Cristiano lalo na, na hinahangad ko . . . Ako—nais kong ipanalangin n'yo ako ngayong umaga. At lahat diyan sa mga hindi nakikitang tagapakinig na nakikinig ngayong umaga, ipanalangin n'yo ako, sapagkat gusto kong maging tapat at totoo.

¹¹ Ngayon ay napagtatanto natin, na sa pagsasaad ng mga pahayag na ito, may isang tao, kung iisang tao lang iyon, na kakapit Dito na para bang Ito'y sa pagitan na ng buhay at kamatayan. Marami sa inyo rito ang aalis na naniniwala. Siyempre, marami rin sa inyo, marahil, ang hindi maniniwala. Subalit alam ko, na sa aking ministeryo, ay may mga tao na pumupunta para makinig sa akin, at pakinggan kung ano ang sasabihin ko; mula sa, buweno, sila'y nakaupo rito mismo ngayong umaga, sa buong daigdig, mula sa marami sa Estados Unidos, Canada, at sa ibayong dagat. At maiisip mo ang kabigatan na ipinapasan sa iyo, na malaman na ang Walang Hanggang patutunguhan ng taong iyon ay nakasalalay sa iyong mga kamay, dahil panghahawakan niya ang sasabihin mo. Kaya pananagutin ako ng Diyos para dito, at gusto kong talakayin ito nang sadyang kasintapat ng makakayanan ko.

¹² Ngayon ako—humihiling ako sa ating mga kapatirang babae. At pinalitan ko ang ilan sa mga sasabihin ko para masabi ko ito sa kanilang harapan. Nakalagay sa bulsa ni Billy, ngayong umaga, riyan, ang ilang bagay na hindi puwedeng sabihin sa harap ng—ng magkahalong mga tagapakinig. At ang ilang sasabihin ko siguro, kailangan n'yong intindihin na lang. Ituring n'yo ito bilang mula sa—mula sa inyong kapatid, sa abot ng aking nalalaman. Kayo'y mauupo sa opisina ng isang doktor at makikinig sa kanya, kailangan niyang sabihin iyon sa inyo sa napakalinaw na pananalita. At ang ilan sa inyo na mga kabataang babae at kabataang lalaki, ayaw kong makuha n'yo ang maling impresyon. Nais ko kayong maniwala, at sadyang maupo lang. Alalahanin, ang Katotohanan ay kailangang maipahayag na Katotohanan.

¹³ At, ngayon, walang pag-aalinlangan na marami sa inyo ang hindi sasang-ayon sa kung ano ang ipangungusap, subalit gusto kong patunayan iyon sa pamamagitan ng Biblia. At pagkatapos ay naniniwala ako, na kung kayo lamang ay magiging mapitagan at makikinig, kung gayo'y magkakaroon kayo ng mas malinaw na pang-unawa at kaisipan tungkol sa kung ano ang aking ipinagdidinaan, noon pa man. Naniniwala ako na ito na ang magpapaliwanag doon, at ako'y umaasa na ipaliliwanag nga nito iyon.

¹⁴ Ngayon ay baka mapatagal tayo nang kaunti, isang oras at kalahati, o marahil mas matagal pa, tungkol dito. Hindi ko alam kung gaano ang itatagal nito.

¹⁵ At ngayon muli, gusto kong sabihin na, sa ngayon, na, nalalaman na ang mga tao ay nanghahawakan sa iyong mga salita; na sila nga, sa kanilang pastor. At, siyempre, ako'y naging isang pastor na noon.

¹⁶ At nanghahawakan sila sa mga salita ng isang pastor, na para bang ito ay sa pagitan na ng kamatayan at ng buhay. Nanghahawakan sila sa mga salita ng kanilang pari, na para bang ito ay kamatayan at buhay. At siyempre, ang pastor, marahil sa lahat ng nalalaman niyang gawin, tinuturuan niya ang kanyang mga tao nang eksakto lamang kung paano siya tinuruan noon sa seminaryo; walang pag-aalinlangan na gayon ang pari, din, sa iba't ibang relihiyon na may mga pari. Siyempre, ang pastor talaga ay isang pari; isa itong tagapamagitan. Kaya, kung ang pari, sa lahat ng naituro sa kanya sa kanyang, sa seminaryo at sa mga monasteryo, ang naturang lalaki na may malalim na katapatan ay sinasabi lamang nang eksakto kung ano ang naituro sa kanya.

¹⁷ Buweno, saka, wala akong anumang karanasan sa seminaryo o kaya ay karanasan sa monasteryo, at wala naman talaga akong anumang minamasama dito, subalit ako'y may napakakakaibang buhay.

¹⁸ Tinawag ako noong ako'y isang maliit pa lang na bata. At dito'y isang nakikita't naririnig na tanda ang ibinigay sa akin, isang—isang Haliging Apoy na nakalutang sa isang palumpong, sa edad na pitong taon, dito mismo sa Utica Pike. Ang aking tatay ay nagtratrabaho noon kay Ginoong O. H. Wathen na namatay kamakailan lang. At nabasa n'yo na ang aklat, alam n'yo na ang kuwentong iyon. At magmula noon. . . Doon sa ilog noon ay nagpakita Ito sa harap ng mga tao. At ngayon Ito'y nakuhanan na ng litrato, nang maraming beses na, at iyon ay nakasabit sa Washington, D.C., bilang isang copyright, sa Religious Hall of Art, bilang nag-iisang supernatural na Persona na pinatunayan ng siyensiya na nakuhanan ng larawan; ang siya ring Haliging Apoy, parehong-pareho pa rin ang itsura at sa lahat na, na nagdala sa Israel palabas ng Egipto. Naniniwala akong Iyon si Jesus Cristo sa anyong Espiritu, sa pagiging Anak ng Diyos.

¹⁹ Sapagkat Siya'y tinawag na “Anak ng tao” nang Siya'y unang pumarito, ngayon ay tinatawag na Siyang “Anak ng Diyos,” sa Milenyum Siya'y magiging “Anak ni David.” Naparito Siya na Anak ng tao, isang Propeta, na sinalita noon tungkol sa Kanya; ngayon Siya ay Anak ng Diyos, sa supernatural; sa dakilang Milenyum na darating, Siya'y magiging Anak ni David, na nakaupo sa trono ni David. Na gaya ng alam na ng lahat ng mga nagbabasa ng Biblia na iyon ay isang Makalangit na pangako ng Diyos, kay David, na palilitawin Niya ang Kanyang Anak para lumuklok sa trono nito.

20 At ngayon sa isang kakaiba, natatanging ministeryo, lahat na ay itinawag sa akin magmula sa “Diyos” hanggang sa “isang diablo.” At iyon, sadyang ganoon ito lagi.

21 Iyon ang sinabi nitong arsobispo ng simbahang Katoliko sa akin noong isang gabi roon, ang pinag-uusapan noon ay, na sinabi niya, “Kapatid na Branham, malinaw na ipinakilala ni Juan Bautista ang kanyang sarili sa Mga Kasulatan, ayon sa sinabi ni propeta Isaias.” Sabi niya, “Ang iyong ministeryo rin ay malinaw na nakikilala sa Iglesya.” Sabi niya, “Ang mga Lutheran ay nasa Biblia.” Sabi niya, “Ang mga Lutheran ay kilala si Luther. Ang mga kay Wesley ay kilala si Wesley. Pero papaano naman ang mga Pentecostal?” Sabi, “Sila’y pagalagala. Hindi nila alam kung saan pupunta.”

At sabi ko, “Ginoo, pinasalamatan ko iyan.”

22 At noon ngang sandaling iyon ay bumaba noon ang Espiritu roon sa babae, hindi pa niya ako nakita kahit kailan, ang kanyang asawa...at nangusap at kinilala ang ganoon ding mga bagay.

23 Ngayon, sa totoo lang, bago ang Mensaheng ito na ipangungusap ko ngayong umaga, hindi ko alam. Sinabi ko sa kanya, sabi ko, “Ginoo, hindi ko masasabi iyan. Iyan ay isang napakalaking bagay para sabihin. Para bang ganoon na nga ito.”

24 Isang bagay lang na alam ko, na may isang bagay na nangyari, tiyak nga. Ang lahat ng mga bagay na ito, na sadyang, ito’y napatunayan na ng agham, at paulit-ulit nang napatunayan sa buong mundo, hindi ito maaaring maging isang alamat lang. Ito’y Katotohanan. Ano ba iyon? Hayaan n’yong sabihin ko, bilang pag-amin, bago ako mangusap sa inyo ngayong umaga, hindi ko alam. At hindi ako maglalakas-loob na gumawa ng anumang hakbang hanggang sa marinig ko muna mula sa Kanya na nakipag-usap na sa akin noon at sinabi sa akin ang ganitong mga bagay.

25 Alalahanin n’yo, hindi kailanman ipinakilala ng ating Panginoong Jesus Cristo ang Kanyang Sarili bilang siyang Anak ng Diyos. Sabi Niya, “Ikaw ang nagsabing Ako nga’y gayon; Ako’y ipinanganak dahil dito,” at kung ano pa, subalit hindi Niya kailanman ipinakilala ang Kanyang Sarili.

26 At, ngayon, iyon ang Haliging Apoy noon na nanguna sa mga anak ni Israel, ay ang Panginoong Jesus Cristo sa anyong Espiritu, (naniniwala ba kayo roon?), ang Logos na lumabas mula sa Diyos. [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

27 At pagkatapos nang Siya’y nasa lupa, sabi Niya, “Ako’y nanggaling sa Diyos at Ako’y paroroon sa Diyos.” Alam nating lahat iyon.

28 At pagkatapos ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli, si Saulo na taga-Tarso ay nasa kanyang

daan noon patungo sa Damasco, upang usigin ang—ang mga Cristiano, sapagkat nagtuturo ang mga ito ng mga bagay na salungat sa mga itinuro sa kanila. At siya’y isang dakilang mandirigma; sa ilalim ni Gamaliel, na isa sa mga mahuhusay na guro noong panahong iyon, sa kanilang paaralan, sa kanilang monasteryo; at isang tanyag na tao, at isang opisyal ng iglesya. At doon na ang isang dakilang Liwanag, ang Haliging Apoy muli, ay tinamaan siya’t bumagsak siya, noong katanghalian. At isang Tinig ang nagsabi, “Saulo, Saulo, bakit mo Ako inuusig?”

²⁹ Ngayon kung inyong mapapansin nang si Pablo, si Saulo, ay bumangon, sabi niya, “Panginoon, Sino Ka?” Ngayon, ang lalaking iyon, bilang Judio, tiyak na hindi niya tatawagin ang anumang bagay, maliban lang kung iyon ay isang bagay na sumisimbulo sa Diyos, hindi niya sana tinawag iyon na “Panginoon.” Kaya, Iyon ay ang siya ring Haliging Apoy.

³⁰ Katulad nga ng sinabi ni Jesus, “Ako’y paroroon sa Diyos. Ako’y galing sa Diyos, at Ako’y babalik sa Diyos.”

³¹ Hayun Siya, bumalik na muli sa anyo ng isang Haliging Apoy; sabi Niya, “Ako’y si Jesus Na iyong inuusig; at makakasakit sa iyo ang sumikad sa matutulis.”

³² At napagtatanto natin na noong si Apostol Pedro, kung kanino ibinigay ang mga susi upang itayo ang Iglesya, napag-alaman natin na siya’y nasa bilangguan noon, at ang siya ring Haliging Apoy na ito ay pumasok sa mga rehas, binuksan ang mga pintuan ng bilangguan, at inilabas si Pedro, nang hindi man lang nagagambala ang guwardiya. Para sa akin, Ito’y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

³³ At saka lagi mong makikilala ang anumang bagay sa pamamagitan ng kalikasan nito. Ang anumang bagay ay nakikilala sa kalikasan nito, sa bunga na ipinamumunga nito. At hinihiling ko sa inyo na pagmasdan ang klase ng bunga na ipinamumunga Nito, ng Liwanag na ito na siyang Diyos, sapagkat bumabalik Itong lagi sa Salita ng Diyos, at pinatutunayan ang Salita ng Diyos, ipinangangaral ang Salita ng Diyos, at pinatutunayan ng Diyos ang Salitang iyon nang ganoon kapisikal sa inyong harapan. Tiyak na may isang bagay sa likod Nito.

³⁴ Tinatawag ako ng mga tao na isang propeta. Hindi ko tinatawag ang aking sarili na isang propeta, sapagkat hindi ako mangangahas na sabihin iyon, subalit meron akong... Sabihin nating, masasabi ko ang ganito, na pinahintulutan ako ng Panginoon na makakita ng mga bagay bago pa man mangyari, sabihin ang mga bagay na nangyari na, mangyayari pa lang, kasalukuyang nangyayari, at ni minsan ay di ito nagkamali, sa laksa-laksang beses. Ang lahat ng sinabi Niyang mangyayari, ay nangyari. Alam nating lahat iyon. Kung mayroon mang isang

tao na naririto sa mga nakikitang tagapakinig ngayong umaga, o saan man, na makapagsasabi na nagkamali ito nang minsan, kayo'y malaya na makatatayo at sabihing ganun nga. Ngunit kung alam ng bawat isa na sa lahat ng pagkakataon, sa libu-libong beses, na ito'y tumpak na tumpak, sabihin, "amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Kita n'yo? Kaya ganun din iyan sa buong mundo.

³⁵ May bagay na malapit nang mangyari. Hindi ipinadadala ng Diyos ang mga bagay na ito nang walang layunin sa likod nito.

³⁶ Iniisip ko lamang kanina rito. Inilagay ko iyon dito, 'yung isa sa mga talâ ko. Na suot ko ngayong umaga, ang isang pares ng himelo. . . At marami sa inyo ang pamilyar na rito sa artista sa pelikula, na si Jane Russell, at isang Pentecostal ang kanyang ina; at si Danny Henry naman ay pinsan niya, ang kanyang pinsang buo, anak ng kapatid na babae ng kanyang ina. Isa itong Baptist. Naroon ito noon doon sa pagpupulong, isang pagpupulong ng Business Men sa Los Angeles, California, dalawang taon na ang nakararaan.

³⁷ At katatapos ko lang noon na mangaral ng isang matindi, makapangyarihan, mariing mga pahayag; na maging ang tagapamahala, na isa sa mga pangkalahatang tagapamahala ng Assemblies of God, ay bumaba papunta sa entablado mula doon sa balkonahe kung saan siya nakaupo, at sinabi niya, "Hindi ako naniniwala na ganoon ang ibig sabihin ni Kapatid na Branham."

³⁸ Sabi ko, "Tiyak na ganoon nga ang ibig kong sabihin, ginoo. Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON." At, noon, iyon ay patungkol sa iglesya sa kapanahunang ito.

³⁹ At sa mga sandaling iyon, itong bata pang lalaking ito na isang negosyante. . . Ang kanyang kapatid ay naroon. . . naroon itong kumukuha ng litrato para sa telebisyon noong umagang iyon, ang isa pa niyang kapatid ay—ay isang tagapamahala ng mga daan sa estado ng California. At lumapit si Danny Henry sa harap noong matapos na ang pagtitipon, doon sa entablado, nang *paganito*, kung saan nakaupong lahat ang mga tao, pumaroon para akbayan ako. At sinabi niya ang mga salitang ito, "Kapatid na Branham, sana'y hindi ito lalabas na kalapastanganan, ngunit," sabi, "iyon ay puwede nang gawin na pang-ika-23 kabanata ng Apocalipsis." Kung saan, ay meron lang dalawampu't dalawang kabanata sa Apocalipsis. Sabi niya, "Sana'y hindi ito lalabas na kalapastanganan." Halos hindi pa niya natatapos na sabihin iyon. . . Ngayon, ang naturang lalaki ay isang Baptist, at walang alam tungkol sa mga supernatural. Habang nakaakbay siya sa akin, siya'y nag-umpisang magsalita sa hindi kilalang lengguwahe.

⁴⁰ At nang matapos na siyang magsalita ng hindi kilalang lengguwahe, may isang—isang matabang itim na babae na nakaupo mismo sa harapan ko, siya'y tumayo, sabi, "Hindi

na niyon kailangan ng anumang pagpapaliwanag.” Sabi niya, “Ako’y taga-Shreveport, Louisiana, o, Baton Rouge, Louisiana.” Sabi, “Iyon ay malinaw na wikang Pranses.”

⁴¹ Si Victor Le Doux, na isang Pranses, ay nakaupo rin doon, sabi, “Siyanga, isa akong Pranses, at iyon ay talagang wikang Pranses.”

⁴² Sabi ko, “Sandali lang. Isulat *mo* kung ano ang sinabi niya, at isulat *mo* rin ang sinabi niya, bago n’yo sabihin ang anuman. Isulat n’yo kung ano ang sinasabi n’yo, at tingnan natin ang inyong mga isinulat.” At gayon nga na nagsulat ang isa, at nagsulat din ’yung isa pa, pati pa nga ang mga bantas ay parehas.

⁴³ At pagkatapos mga noong oras ding iyon, nang dalhin na nila ang mga isinulat, isang kaaya-ayang-tingnan na bata pang lalaking blond ang lumapit mula sa likuran. Kung saan, walang sapat na lugar noon para makaupo siya; nakatayo siya roon sa likuran. Lumapit siya, sabi, “Saglit lang, gusto kong magbigay ng sulat, din.” Sabi niya, “Ako ang interpreter sa wikang Pranses para sa U.N., United Nations.” Sabi niya, “Gusto kong iwan din ang aking isinulat.”

⁴⁴ At, narito, lahat ng tatlong sulat ay talagang magkakapareho, sa wikang Pranses. At ganito itong mababasa. Ito ang orihinal na mga sulat na naitala, sulat na naitala mismo. Ito ang sulat ni Danny, mismo, na inilagay niya sa kanyang bulsa. Siyempre, ito’y napunta sa Christian Business Men, at sa iba pa.

Sapagkat iyong pinili ang makipot na landas, ang mas mahirap na daan; ika’y lumakad sa iyong sariling pagpili.

Pinili mo ang tama at tumpak na pasya, at ito ay Aking Daan.

Dahil sa napakahalagang pasya na ito, isang malaking bahagi ng Langit ang maghihintay sa iyo.

Gaano kadakilang pasya ang iyong ginawa!

Ito mismo ay yaong magbibigay at makapagpapangyari sa kamangha-manghang tagumpay sa pag-ibig na Makalangit.

⁴⁵ Ngayon, pinirmahan nung tao ang kanyang pangalan rito. “Ang nasa itaas na salaysay ay salingwika ni...sa pagproposesiya ni Danny Henry kay Kapatid na Branham, na ibinigay ng tatlong saksi noon sa cafeteria sa Los Angeles, California.”

⁴⁶ Ngayon, ang naturang lalaki ring iyon na nagproposesiya nito, na hindi alam kung ano ang kanyang sinasabi noon, ay nasa Jerusalem mga isang buwan na ang nakararaan. Nagkaroon siya ng pagkakataon na makapunta doon at—at makahiga sa libingan

kung saan namatay si Jesus at inilibing. At gayon nga na habang siya'y nakahiga roon, sinabi niya na sumiksik daw talaga ako sa isip niya at bigla siyang napaiyak. Sabi, "Gaanong naging napakahirap kay Kapatid na Branham na manindigan laban sa sanlibutan at sa mga ganitong bagay, at sa lahat ng mga iglesya!"

⁴⁷ Gaya ng—ng may nagsabi minsan noon, tungkol doon sa kay Billy Graham, sabi, "Nauunawaan natin si Billy Graham, 'pagkat lahat ng mga iglesya ay nagkakaisa para sa kanya. Nauunawaan natin si Oral Roberts, ang mga Pentecostal. Subalit paano tayo magkakaroon ng anuman, gayong laban Ito sa kung ano ang naituro na sa mga tao?" Ang Diyos iyon.

⁴⁸ At, si Danny, ang ginagawa niya bilang libangan, siya ay gumagawa ng maliit na bato. Nagpunta siya roon kung saan ay doon inilagay ang Krus, kung saan sinabi nila na ang Krus ay itinayo raw noon sa bato. Walang sinuman ang naroon, kaya tumapyas siya ng isang maliit na kapiraso ng bato at inilagay niya ito sa kanyang bulsa bilang isang alaala, umuwi at ginawan ako ng isang pares ng himelo mula roon. At, kataka-taka, na noong gawin niya ang mga iyon, para bang may mantsa ng dugo ang mga iyon. At mismo sa bawat isa sa mga iyon, diretsong may tuwid, makitid na daan na tumatagos mismo sa dalawang iyon. Ngayon iyon marahil ay isa lamang . . . Kita n'yo, maaaring hindi man ito mapansin ng iba, pero para sa akin ito'y nagpapatibay sa mga bagay na pinaniniwalaan ko. Naniniwala ako na ang bawat bagay ay may kahulugan.

⁴⁹ At ngayon, sa pagkakataong ito, anuman ang nasa Panginoon . . . Kung hindi ito ang bagay na Kanyang iprinopesiya, tungkol sa Malakias 4 at tungkol din sa Lucas 17, at marami pang ibang Mga Kasulatan na matutupad sa huling panahong ito, hayaang sabihin ko ito bilang pagtatapos, na inilagay nito ang pundasyon para sa taong iyon kapag siya'y dumating na. Kaya ako'y labis na nagpapasalamat na ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, kung gayon man ito, ay pinahintulutan ako na makagawa ng isang maliit na bagay, sa aking kalagayan na walang pinag-aralan, upang maipakita ang aking pagpapasalamat sa Kanyang pag-ibig sa akin, ang aking pag-ibig sa Kanya, at ang pag-ibig natin sa mga tao.

⁵⁰ Kaya nga, sa kataimtiman, ay tatalakayin ko na ang paksang ito ng *Pag-aasawa At Diborsiyo*. Kahabagan nawa tayong lahat ng Diyos.

⁵¹ At ngayon ay makinig nang maigi. At, mga kapatid na babae, huwag kayong tumayo at lumabas; maupo lang nang ilang saglit. Mga kapatid na lalaki, ganoon din kayo. Huwag ninyong isara ang inyong mga gamit riyan, na nakakonekta rito sa telepono. Huwag n'yong gawin ang ganoon. Maupo lang kayo ng mga ilang minuto, hanggang sa matapos ito. Makinig nang maigi. Kung

di kayo umaayon, isulat n'yo ang Mga Kasulatan na ginagamit ko, at pagkatapos ay pag-aralan ninyo ang mga ito nang may pananalangin bago kayo gumawa ng pagpapasya.

Diyos, tulungan Mo po kami habang sinisikap naming talakayin ang paksang ito.

⁵² Ngayon, maaaring medyo mapahaba ito nang kaunti. Ayaw kong magmadali kayo. At huwag talaga kayong magmadali, lahat tayo, at pag-aralan natin ang Salita ng Diyos, nang tapat at masusi, gaya ng pagkaalam natin kung paano pag-aralan Ito.

⁵³ Simulan natin sa San Mateo, sa ika-19 na kabanata. At magsisimula, sa palagay ko, sa ika-8 talata ng ika-19 na kabanata, nais kong mag-umpisa. Mag-uumpisa din ako marahil sa 1, at tuluy-tuloy na babasa hanggang sa ika-8 talata ng ika-19 na kabanata.

⁵⁴ Ngayon, alalahanin, ang mga bagay na ito na sinasabi ko ay kailangang magmula sa Salita ng Diyos. Hindi ito maaaring maging sariling opinyon ko lang, dahil ang opinyon ko ay katulad din lang ng sa iba. Kundi kailangang tuluy-tuloy na nakaugnay ito sa Salita ng Diyos. Alalahanin, na pinananatili ng Diyos na tuluy-tuloy na magkakaugnay ang lahat ng mga bagay. Hindi Siya nagbabago kailanman. Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya'y ganoon pa rin.

⁵⁵ Ngayo'y babasa na ako simula sa ika-19 na kabanata.

At nangyari na nang matapos ni Jesus ang mga salitang ito, ay umalis siya sa Galilea, at napasa mga hangganan ng Judea sa dako pa roon ng Jordan;

At nagsisunod sa kaniya ang lubhang maraming tao; at sila'y pinagaling niya. . .

At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, na siya'y tinutukso, . . .

⁵⁶ Huminto ako diyan para makuha n'yo ang tinutukoy kung sino iyon na nanunukso sa kanya.

. . . kanilang sinasabi, Naaayon baga sa kautusan na ihwalay ng isang lalake ang kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan?

At siya'y sumagot at sinabi, Hindi baga n'yo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat noon sa pasimula ay nilalang silang lalake at babae,

At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama. . . ina, at makikisama sa kaniyang asawa: at ang dalawa ay magiging isang laman?

Samakatwid hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao.

Sabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at . . . ihiwalay ang babae?

At sabi Niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon.

Ngayon, Diyos, tulungan Mo po kami.

⁵⁷ Ang Kasulatang ito, ang katanungang ito, ay pinaharap kay Jesus sa pasimula ng Kanyang ministeryo. At pinaharap din ito kay Moises sa pasimula ng kanyang ministeryo. Ito'y pangunahing katanungan sa puso ng mga mananampalataya. Ang makasalanan ay walang pakialam. Ngunit ito'y sa mga mananampalataya, sapagkat sinisikap ng mananampalataya na gawin ang lahat ng kanyang nalalamang gawin para mamuhay nang tama sa harap ng Diyos. Samakatwid ito, kapag nagkaroon ng anumang tanong tungkol sa relihiyon, kung gayo'y nagkakaroon din ng usapin sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, (bakit?) sapagkat ito ang sanhi ng orihinal na pagkakasala. Doon nagsimula ang kasalanan. At iyon ang dahilan kaya ito'y laging nauungkat, sapagkat ito ang pinaka simula ng kasalanan.

⁵⁸ Ngayon ay wala na akong panahon para maipaliwanag ang lahat ng mga ito, ngunit ikagagalak ko na sagutin ang inyong sulat o anumang na magagawa ko. O, may mga libro tayong naisulat tungkol dito, at marami pang mga tanong, at maging mga ginupit mula sa mga pahayagan at mga gayong bagay rito, para patunayan ito, na alam natin na si Eba iyon (Ang mansanas na kinain daw niya, gayong ni wala nga iyon sa Kasulatan, ngayo'y ipinapahayag naman nila na iyon daw ay isang apricot; hindi 'yon alinman sa dalawa.), siya'y nagkasala ng pangangalunya, na siyang naglabas ng unang anak, na si Cain, ang sariling anak ni Satanas, sapagkat nananahan sa kanya ang kasamaan. Hindi iyon dumating sa pamamagitan ni Abel. Ang anak ni Satanas ay si Cain.

⁵⁹ Alam ko ang tanong n'yo ngayon, "Sabi ni Eba, 'Nagkaanak ako ng lalaki sa tulong ng Panginoon.'" Talagang tama iyon.

⁶⁰ Puwede n'yong ipagpahalimbawa ang babaeng may pinakapangit na ugali sa bayan, ang pinakamasamang lalaki; kung sila'y magkaanak, tiyak na nanggaling iyon sa Panginoon, sapagkat nagtakda na ang Diyos ng mga batas na umiiral. At ang mga batas na ito, tulad ng pagsikat ng araw; maglagay ka ng isang amorseko sa isang matabang bukid, ito'y tutubo. At tiyak itong tutubo, dahil batas iyon ng Diyos. Kapag ang isang binhi ay naitanim, kailangan itong tumubo. At

walang makapagpapatubo ng buhay kundi ang Diyos, sapagkat kumikilos ito sa ilalim ng Kanyang mga batas. Kaya nga noong naitanim ang masamang binhi sa sinapupunan ni—ni Eba, kinailangang magbunga iyon, sapagkat iyon ang batas ng Diyos sa pagpaparami. At wala na itong magagawa pang iba kundi magbunga nito, at talagang galing ito sa Diyos.

⁶¹ Iyan ang dahilan kaya sinasabi ng mga tao, “Ang mga munting sanggol,” kung minsan, “na hindi isinilang sa Cristianong mga magulang, ay di maliligtas.”

⁶² Ang Dugo ni Jesus Cristo ang nagbabayad para sa bata, wala akong pakialam kung gaano man ito ipinanganak at gaano kasama ito ipinanganak. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Hindi pa makapagsisisi ang maliit na bata, sapagkat wala pa siyang mapagsisisihan, at iyon ang kasalanan ng sanlibutan na inalis ng Dugo ni Cristo. Ang mga sanggol ay napupunta sa Langit.

⁶³ Ito’y ang orihinal na kasalanan, at iyan ang dahilan kaya ito’y—ito’y kinukuwestiyon. Kapag may anumang malaking kababalaghan na nagmula sa Diyos, ang unang bagay ay: “Paano naman ang tungkol sa pag-aasawa at diborsiyo?” Ngayon, gaya noon pa man, isa pa rin itong katanungan sa mga tao. Kung paano noong panahon ni Jesus, kung paano noong panahon ni Moises, ito noon pa man, at hanggang ngayon pa rin, ay isang katanungan sa gitna ng mga tao, sapagkat gusto ng mga tao na malaman kung ano ang Katotohanan.

⁶⁴ Subalit kung saan may isang katanungan, mayroon din dapat isang kasagutan. At ngayon bilang kasagutan, tulad ng nasabi ko na bago pa man, nitong linggo, mayroon dapat isang tumpak na kasagutan. At kung makakuha tayo ng sagot sa anumang bagay, at iyon—na hindi ’yon tama, kung gayon ay malalaman natin na mali ’yon. Subalit mayroon nga, na magtatanong pa rin kayo hanggang sa ang totoong tanong ay masagot na, kung gusto ninyong malaman ang Katotohanan. At dahil sa ito’y isang katanungan sa Biblia, kailangan na sagot din ito sa Biblia.

⁶⁵ Ito’y tulad sa nasabi ko na, kung gusto kong pumunta sa silangan ngayong umaga; at ang pinakamainam na nalalaman ko rito, ay kailangan kong hanapin ang isang bagay sa bukid, at naaroon iyon direktso sa silangan, at nagpunta nga ako sa silangan. May magsasabi, “Kapatid na Branham, *ito* ang silangan.” Iyon nga ay silangan, maaari nga, pero hilagang-silangan naman. Malalampan ko ’yung mismong bagay na hinahanap ko; babalik ako, na alam ko nang mali ’yon. At pagkatapos kung may magsabi, “Kapatid na Branham, pumunta ka sa direksiyong *ito*, sa iyong kanan.” Ngayon, maaari ngang silangan, din iyon, pero timog-silangan naman. Hindi ko makikita ang bagay na

aking hinahanap, dahil lumampas ako sa hangganan ng sakdal at diretsong daan.

⁶⁶ Ngayon, kung ganoon nga iyon, mayroon tayong dalawang kaisipan tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*. At iyon ay, sinasabi ng isa sa mga ito, na, “Ang isang lalaki ay puwedeng mag-asawa nang isang beses lang, maliban lang kung patay na ang kanyang asawa.” At isa ’yan sa mga tanong, ngunit, kung iyan ang susundan mo, lalampas ka na. At pagkatapos sinasabi naman ng isa pa, “Oh, kung ang asawang babae o ang asawang lalaki, sino man sa dalawa, ay nagkasala ng pangangalunya, sino man sa kanilang dalawa ay puwedeng hiwalayan at maaari nang mag-asawa muli.” Masusumpungan mo ang iyong sarili na lumampas ka na diyan.

⁶⁷ Kaya, kita n’yo, hindi ito na alinman sa timog-silangan o hilagang-silangan; gusto natin na direktso sa silangan. Lalabas na kayo sa Kasulatan kapag gumawi kayo *rito*, lalabas na kayo sa Kasulatan kapag gumawi kayo *roon*. Gusto nating malaman kung saan nagtatagpo ang Kasulatan sa kapuwa Kasulatan, at alamin kung ano ang Katotohanan nito. Magkaiba ang tinatahak ng bawat isa, at nabibigong maibigay ang tamang sagot, ngunit tiyak na mayroon pa ring kasagutan.

⁶⁸ Ito’y katulad lang ng, sa panahong ito, na may dalawang kilalang grupo ng kaisipan hinggil sa doktrina sa iglesya; ang isa sa mga ito ay Calvinismo, ang isa naman ay Armin-... Arminianismo. Ang isa sa mga ’yon ay pagka-legalista, ang isa naman ay biyaya. At nalaman natin na ang mga taong naniniwala sa biyaya, na ang mga Calvinista, sinasabi nila, “Purihin ang Diyos, hindi ako mapapasama sa paninigarilyo. Hindi ako mapapasama sa pag-inom. Puwede kong gawin ang mga bagay na ito, meron na akong Walang Hanggan na seguridad.” Pagkatapos ay masusumpungan naman natin ang kabilang panig, doon sa mga legalista, sabi, “Oh, gusto ko siyang bulyawon, gusto ko siyang punahin, pero, Cristiano ako, kailangan kong manahimik.” Kita n’yo, masusumpungan n’yo ang inyong sarili sa dalawang magkaibang daan, at wala alinman sa dalawang iyon ang tama. Ngayon, mahirap sabihin iyon, ngunit iyon ang katotohanan.

⁶⁹ Makikita natin ang ating mga sarili na tumatahak sa dalawang magkaibang daan; ang isa ay patungo sa isang direksyon, ang isa’y sa iba naman. Ngayon tingnan natin kung ano nga ba ang Katotohanan.

⁷⁰ Ngayon makinig, at tingnan kung ito ba’y lalabas na may katwiran sa inyo. Halimbawa, kung naghahanda akong pumunta sa ibayong dagat. At kakausapin ko ang sarili kong pamilya. Tatawagin ko’t palalapitin ang aking asawa, at sasabihin ko, “Kami’y pu-...Ako’y pupunta sa ibayong dagat, mahal.” Ngayon ganito ang panig ng legalista, “Ngayon, aking asawa,

ilalatag ko ang batas sa iyo! Kapag nakipaglandian ka sa kanino pa mang lalaki habang wala ako, sa pagbalik ko ay isa ka nang diborsiyada. At ayaw kong nakikipagtitigan ka, ayaw kong nakikipaglandian ka! Naiintindihan mo ba iyon? Ako ang asawa mo! Kapag ginawa mo iyon, hihiwalayan kita pagbalik ko.”

⁷¹ Pagkatapos ay siya naman ang aabot at hahablutin ako sa kurbata, at magsasabi, “Mabuti kong asawa, may gusto akong sabihin sa iyo, kita mo, kita mo, na kung makikipagtitigan ka sa kanino pa mang babae, o lumabas na may kasamang sinumang babae, o makipaglandian sa sinumang babae, magiging diborsiyado ka na pagbalik mo.” Ngayon, magiging masaya bang tahanan ang ganoon? Iyon ay mga legalista. Buweno.

⁷² Ngayon, ang kabilang panig naman ay, na kapag nagpunta ako sa ibayong dagat at nakagawa ako ng pagkakamali... Lalapit at sasabihin, “Ngayon, tingnan mo, ilalabas ko ang babaeng *ito*. Oh, ito’y ayos lang sa aking asawa, bale-wala lang naman sa kanya.” Sasabihin naman ng asawa ko, “Lalabas akong kasama ang lalaking *ito*. Ayos lang naman iyon kay Bill, bale-wala lang naman sa kanya.” Kung gayo’y mayroong mali sa akin; hindi tama ang pagmamahal ko sa babaeng iyon. At kung siya’y walang pakialam, mayroon ding mali sa kanya. Siya’y aking asawa; ayaw kong may ibang lalaking nakikipagrelasyon sa kanya. Siya’y *aking* asawa.

⁷³ Ngayon, ang tamang pamamaraan nito, ay, parehong may katotohanan sa mga iyon, pero hindi ang eksaktong Katotohanan.

⁷⁴ Ngayon kapag ako’y pupunta sa ibayong dagat, para maging tama, ang aking munting pamilya ay nagtitipun-tipon, at nananalangin kami nang sama-sama. At ipinagkakatiwala ko sila sa Diyos, at ipinagkakatiwala nila ako sa Diyos. At kapag nagawa na namin, tuloy na kami sa ibayong dagat... tuloy na ako sa pangingibayong dagat. Ngayon, alam kong mahal niya ako; mayroon akong tiwala sa kanya. At mahal ko siya; may tiwala siya sa akin. Hangga’t mahal ko siya nang ganoon, wala siyang anumang dapat ipag-alala na ilalabas ko ang kung sinong ibang babae. Hangga’t mahal niya ako nang tama, aba, hindi ko na kailangan pang mag-isip na may kung sinong ibang lalaki na kasama siyang lumalabas, dahil asawa ko siya at pinaniniwalaan ko siya.

⁷⁵ Ako’y naniniwala, na kung talagang makagawa ako ng isang bagay na mali, magkamali at lumabas kasama ang kung sinong babae, at magbabalik at ipagtatapat iyon sa kanya, at sasabihin sa kanya, “Meda, hindi ko sinasadyang gawin iyon. Nabitag lang ako; bigla na lang lumapit ang babaeng ito sa akin at—at sinunggaban ako sa braso, at nag-umpisa nang *magganito-at-ganyan*,” naniniwala akong siya’y magiging

maunawain. Naniniwala akong patatawarin niya ako rito. Pero hindang-hindi ko iyon gagawin, kahit ano pa man, dahil mahal ko siya. Kahit na patatawarin naman niya ako, hindi ko iyon gagawin. Hindi ko siya sasaktan, kahit ano pa man. Kahit na alam kong patatawarin naman niya ako rito, ayaw kong masaktan siya.

⁷⁶ At ganoon din iyon sa Diyos. Kung ako . . . kung ang isang pag-ibig na *phileo*, na pag-ibig na makatao, pakikisamang pag-ibig, ay magagawa na makaramdam nang ganoon ang isang lalaki para sa kanyang asawa; ano pa kaya ang pag-ibig na *agapao*, ang naturang salitang Griyego na ang ibig sabihin ay “ang pag-ibig ng Diyos,” gaano pa kaya ang magagawa niyon sa akin para kay Jesus Cristo? Ako, hangga’t gusto ko itong gawin, nasa puso ko na gawin ito! Kahit pa . . . Masasabi kong, hangga’t nasa aking puso na gawin ito, gagawin ko nga talaga ito. Hindi ako hahayaan ng legalismo na gawin ito, dahil alam kong ako’y mapaparusan sa paggawa nito. Subalit ang tunay na Katotohanan nito ay, ay kapag pumasok na sa iyong puso ang pag-ibig ng Diyos hanggang sa *naisin* mong gawin Ito. Iyon ang Katotohanan nito. Hayan ang dalawang grupo ng kaisipan. Hindi legalismo o ’yung isa pa, o ang Calvinismo, ito’y pareho sila.

⁷⁷ Ngayon nakita natin sa panahong ito, rin, na napakarami nang iba’t ibang denominasyon. Nariyan ang simbahang Katoliko, ang iglesyang Protestante. Ang bawat isa sa kanila ay nagsasabing sila ang Daan, kita n’yo, “Nasa amin ang Daan, kami ang Katotohanan.” Nariyan ang mga Methodist, na nagsasabi, “Nasa amin ang Katotohanan.” Ang mga Baptist ay nagsasabi, “Nasa amin ang Katotohanan.”

⁷⁸ Buweno, para sa akin, hangga’t ganoon ang ramdam nila, hindi iyon ganoon, dahil sinabi ni Jesus, “Ako ang Katotohanan.” Kita n’yo?

⁷⁹ Kaya nga, tulad ng aking ipinangaral kagabi, na Siya ang dako kung saan inilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan, ang tanging dako para sumamba. Hindi ka isang Cristiano dahil sa isa kang Protestante. Hindi ka isang Cristiano dahil sa isa kang Katoliko. Hindi ka isang Cristiano dahil sa isa kang Methodist, Baptist, o kaya’y Pentecostal. Cristiano ka dahil nabautismuhan ka kay Jesus Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, hindi ng tubig. “May isang Pananampalataya; isang Panginoon; isang bautismo,” iyon ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Inilalagay ka ng bautismo sa tubig sa pakikisama. Inilalagay ka naman ng bautismo ng Espiritu Santo kay Cristo. Hayan ang Katotohanan.

⁸⁰ Mayroon din tayong dalawang kaisipan tungkol dito sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*. Ngayon, iyan, binuksan na ng Panginoon ang hiwaga ng Pitong Selyo ng Kanyang Salita sa atin, sa mga huling araw na ito. Ngayon, marami sa inyo, ito marahil ay

Griyego sa inyo, subalit nauunawaan ito ng aking iglesya. Sa pamamagitan ng ano? At narinig n'yo na ang tungkol sa mga pangitain at kung ano ang nangyari. At ang naturang tanong ay isang katanungan sa Biblia, tayo'y inaanyayahan dito na maniwalang tiyak na mayroon ngang isang totoong kasagutan sa buong natatagong hiwaga na itinago simula pa sa pagkatatag ng sanlibutan. At nagpropoesiya ang Biblia at nagsasabi na sa panahon na ito ay mahahayag ang mga lihim na ito. Apocalipsis 10, "At sa pag-ihip ng ikapitong anghel, ang mensahero sa Laodicea, ang mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag na." At ito na ang huling panahon, na ang Laodicea.

⁸¹ Tingnan n'yo sa kabuuan ang rebaybal na ito na nakapagpatuloy sa loob ng labinlimang taon na o higit pa, at wala ni isa mang denominasyon ang lumitaw mula rito. Nagkarebaybal si Luther, lumitaw mula roon ang isang denominasyon; si Wesley, lumitaw mula roon ang isang denominasyon; si Alexander Campbell, lumitaw mula roon ang isang denominasyon; ang lahat nitong mga iba pang naglalakihang...Sina John Smith at iba pa, mga naging denominasyon, si Moody, ang lahat na. Subalit dito'y may isa...Kadalasan umaabot lang ang rebaybal ng mga tatlong taon. Subalit ito'y higit labinlimang taon nang nagpapatuloy, at wala ni isang denominasyon ang umusbong mula rito, sapagkat ito na ang panahon ng Binhi. Wala nang talukap; pagkatapos na matanggal nung isang talukap, ay Binhi na.

⁸² Ang Diyos ay handa na, kung hindi pa Niya ito ginagawa ngayon, tatawag Siya ng isang Iglesya patungo sa kasakdalan sa pamamagitan ng Kanyang Salita, na si Jesus Cristo. Pansinin n'yo, siguradong may sagot kung saan man, at bilang Iyon, ang naturang hiwaga ng Diyos na tinatakan ng pitong selyo, ang Pitong Selyo.

⁸³ Ilan ang nakakaunawa niyan, itaas ang inyong kamay. Tingnan nga natin. Sa tingin ko'y karamihan sa kanila ay ating kongregasyon sa paligid lang, makinig kayo. Kung hindi, ilalabas na ang naturang mga libro sa lalong madaling panahon, tungkol sa paksang iyon. May mga libro tayo, ilang mga libro tungkol Rito ngayon.

⁸⁴ Si Jesus, sa ating teksto, ay inaanyayahan tayong bumalik sa pasimula, para sa totoong kasagutang naaayon sa Kasulatan.

⁸⁵ Ngayon, nang iniharap ito sa Kanya, may dalawang pananaw noon. Sinabi sa Kanya ng mga saserdote, "Maaari bang hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa, mag-asawa ng iba, sa anumang kadahilanan?"

At sumagot si Jesus, "Buhat sa pasimula ay hindi gayon."

Pagkatapos ay sinabi nila, "Ipinahintulot naman sa amin ni Moises na magkaroon ng kasulatan ng paghihiwalay, at hiwalayan ang babae sa anumang dahilan na gusto nila."

⁸⁶ Sabi Niya, “Iyon, ginawa ni Moises iyon dahil,” hahayaan ko muna iyan na nakabitin sandali, “dahil sa katigasan ng inyong mga puso; subalit mula pa, o sa pasimula hindi ito gayon.” Talagang ang tanong!

⁸⁷ Ang tanong sa panahong ito, gaya ng tungkol sa kapayapaan ng daigdig, “Magkakaroon ba nito sa pamamagitan ng pulitika, sa pagsasama-sama ng mga bansa, na nagkakaisa?” Sinasabi ko sa inyo, hindi. Bigo na ito noon pa man, at mabibigong muli. Subalit mayroon pa ring totoong sagot sa tanong, “Magkakaroon pa ba ng kapayapaan sa lupa?” Oo, kapag ang kasalanan ay inalis na sa lupa, magkakaroon na ng kapayapaan. Subalit hanggang sa panahon na iyon, ay hindi magkakaroon ng kapayapaan; “magtitindig ang bansa laban sa bansa, at kaharian laban sa kaharian.” Nagbigay ang Diyos ng lunas sa kasalanan. Makinig nang maigi ngayon. Ibinigay ng Diyos ang lunas para maialis ang kasalanan sa lupa, ngunit ayaw tanggapin ng tao sa lupa ang lunas ng Diyos.

⁸⁸ Binigyan tayo ng Diyos ng lunas at isang paraan para pakasalan ang ating mga asawang babae at mamuhay na kasama sila, ngunit ayaw tanggapin ng tao ang lunas ng Diyos, ayaw tanggapin ang Kanyang Salita tungkol rito. Sinabi na ito ni Jesus. At ito’y nagpapaalala sa atin sa—sa Kanyang Salita, nalalamang sinabi Niya, “Ang Langit at lupa ay mabibigo, lilipas, subalit ang Salita Ko ay hindi.”

⁸⁹ Ang tanong, ang totoong sagot na gusto ni Jesus na balikan natin, ay ang bumalik sa pasimula. Kung gayon, iyan ay nasa Genesis, sapagkat ang salitang *Genesis* ay ang binhing kabanata sa bawat tanong sa Biblia. At kailangan mong laging bumalik sa binhi para makita mo kung anong klase ng binhi ang nasa bukid, upang malaman mo kung ano ang iyong magiging ani. Ngayon, anong klase ng binhi ang inihasik? Ang Genesis, bilang ang binhing kabanata, babalik tayo sa Genesis. Ipinakikilala sa atin ni Jesus ang Kasulatang iyon, “sa pasimula.” Ngayon, alalahanin, noon nagsimulang magkaroon ng oras. Bago iyon, ay ang Walang Hanggan. Ngayon, ang ating katanungan doon ay, pansinin, kung babalikan natin ang pasimula.

⁹⁰ Ngayon huwag n’yong palampasin ito! At iyon ang dahilan kaya nais kong mangusap nang dahan-dahan, nang sa gayon ang mga tao na nasa mga telepono, at upang masabi ito sa teyp nang malinaw.

⁹¹ Kung sinabi ni Jesus, “Bumalik sa pasimula,” mayroon lamang iisang pares ng anumang bagay noon sa lupa. May isang Adan, isang Eba, sila’y pinagsama mismo ng Diyos. Isang babaeng kabayo, isang lalaki; isang babaeng loro, isang lalaki. “Sa pasimula,” tulad nga ng sinabi Niya sa atin na bumalik, mayroon lamang iisang pares noon ng anumang bagay. Totoo ba? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Pagkatapos,

nalaman natin na ang lahat “sa pasimula” ay kumikilos noon sa ganap na kaayusan at pagkakasundo sa Diyos, walang nawawala sa ayos.

⁹² Ang lahat ng bagay sa langit ay nasa kaayusan pa rin; ang lahat ng mga bituin, ang mga galaxy, ang solar system, ang lahat ay ganap na nasa kaayusan. Kapag ang isa sa mga iyon ay umusog, magugulo ang buong programa.

⁹³ Ngayon makinig. Nakikita n’yo ba? Isang paggambala lang ay masisira na ang buong programa! Ngayon, noong kumikilos ang mga tao sa pagkakaugnay-ugnay kasama ng Diyos, sa isang lalaki at isang babae, ang babaeng ito’y nagkasala at napatíd ang buong programa ng mundo mula sa pagkakaugnay nito sa Diyos. Kung kaya, ang isang salita na maidagdag sa Aklat na ito, o ang isang Salita na mabawas mula Rito, ay mapuputol ang pagkakaugnay ng isang Cristiano sa Diyos, mapuputol ang pagkakaugnay ng isang iglesya sa Diyos, mapuputol ang pagkakaugnay ng isang pamilya sa Diyos. Bawat mananampalataya ay maaaring maialis, sa hindi pagtanggap sa bawat Salita ng Diyos.

⁹⁴ Kung gayon, ang babae ang naging sanhi ng pagkasira ng magandang tahanan. Hindi isang Kerubin ang nanggulo sa lupa. Hindi si Adan ang sumira sa tahanan. Hindi ang anupamang bagay ang sumira sa tahanan, at nag-alis sa buong bagay palabas sa naturang pagkakaugnay-ugnay, kundi isang babae, si Eba. At dito na “ang pasimula,” na sinabi ni Jesus, ay nasira. Sinabi ni Jesus, “Sa pasimula, ang Diyos ay gumawa ng isang lalaki, isang babae, ng bawat uri.” At ngayon nang ang babaeng ito. . . hindi ang babaeng kabayo, hindi ang babaeng aso; kundi ang babaeng tao, sinira niya ang buong pagkakaugnay-ugnay ng pagkilos ng Diyos sa lupa, at isinadlak ang lahat ng bagay sa kamatayan. Ang babae, hindi ang lalaki, sinira niya ang tipan. Sinira niya ang tipan, sapagkat (bakit?) humakbang siya na lampas sa mga hangganan ng Salita ng Diyos. Ngayon, kung sinira niya ang kanyang tipan sa kanyang asawang lalaki, ay sinira rin niya ang kanyang pakikipagtipan sa Diyos; kung gayon, dahil sa sinira niya ang pakikipagtipan sa Diyos, sinira niya rin iyon sa kanyang asawa.

⁹⁵ At kapag sinira mo ang iyong pangako at ang iyong tipan sa Salita ng Diyos, iyon ang naging sanhi ng napakaraming ilehitimong mga miyembro ng iglesya, dahil may isang grupo ng mga kalalakihan na nagsama-sama at nagsabi, “Buweno, hindi *ganoon* ang ibig sabihin Niyon,” at inilalabas nito ang naturang buong organisasyon sa pagkakaugnay sa Salita. “Hindi namin pinaniniwalaan Iyon. Sinabi ni Doktor Jones na hindi Ito *ganoon*.” Subalit hangga’t sinasabi ng Diyos na *ganoon* nga Ito, sabi Niya, “hayaang ang bawat salita ng tao ay maging kasinungalingan, at sa Akin ay Katotohanan!” Doon napapatíd ang pagkakaugnay-ugnay.

⁹⁶ Ngayon nakita natin, dahil sa napatid ang pagkakaugnay-ugnay, nang magkagayo'y napatid ang linya ng Buhay, nasira rin ang linya ng panahon, nasira ang tipan, ang lahat ay nawasak! Ano ang naging sanhi nito? Isang babae. Iyon ang sumira sa tipan. Ngayon, kung gusto ninyong basahin iyon, mababasa n'yo ito, sa Genesis 3.

⁹⁷ Ngayon, noon ginawang tagapamuno sa babae ang lalaki, ng Salita ng Diyos. Hindi na siya kapantay ng lalaki. Siya'y kapantay sa kalikasan noon, alam n'yo; ngunit, nang suwayin niya ang Salita ng Diyos, ginawa ng Diyos na isang lalaki ang mamuno sa kanya. Genesis 3:16, kung gusto n'yong isulat ito. Hindi na siya kapantay ng lalaki. Siya ang sumuway sa Salita ng Diyos.

⁹⁸ Hindi n'yo ba nakikita, "ang babae," siya, ang iglesya rito? Ang sumuway sa Salita ng Diyos, na nag-alis sa kanya nang tuluyan sa pagkakaugnay. At ganoon ang ginawa ng iglesya, at nagdulot ng espirituwal na kamatayan sa kabuuan nito. Ngayon nauunawaan n'yo na kung bakit ko idinidiin ang mga bagay na ito tulad sa ginagawa ko. Ito'y Katotohanan! Ito'y mga katotohanan sa Biblia.

⁹⁹ Pansinin, bakit ginawa niya ang naturang bagay na tulad nito; paano nagawa nitong kaibig-ibig, maganda, sakdal na babae?

¹⁰⁰ Nakakita ako ng isang larawan minsan, sa palagay ko'y sa Gresya iyon, ng isang pintor na nagpinta ng isang larawan ni Eba. Iyon na ang pinakanakakatakot ang itsura na makikita n'yo. Ipinapakita niyan kung ano ang nakikita ng isang karnal na pag-iisip. Subalit, hindi siya ganun; maganda siya, dahil siya'y isang perpektong babae, ganap na babae.

¹⁰¹ Pansinin, bakit niya ginawa ang ganoong bagay, bilang nasa ganoon ngang kataas na kalagayan? Siya'y katapat ng lalaki, kapantay niya ito. Ngunit alam na natin ngayon na nawala na sa kanya ang pagiging kapantay niya sa lalaki, nang siya'y magkasala, at sinabi ng Diyos, "Ang lalaki na ang iyong magiging tagapamuno simula ngayon." Ngayon, iyon ang Kasulatan. Kung gusto n'yo, puwede natin itong basahin.

¹⁰² Ibinibigay ko sa inyo ang Mga Kasulatan, para makatipid ng oras para dito sa maraming nakakonekta sa buong bansa, upang mabasa n'yo ito mismo.

¹⁰³ Pansinin ang dahilan kaya ginawa niya iyon. Paano nakalapit si Satanas sa kanya?

¹⁰⁴ Alam n'yo ba na si Satanas ay kapantay noon ng Diyos isang araw? Siyanga, lahat na maliban sa isang pagka-manlilikha; siya'y lahat-lahat na, tumayo pa noon sa kanang kamay ng Diyos, sa Kalangitan, ang siyang dakilang nangungunang Kerubin.

105 Pansinin ang dahilan kaya ginawa niya iyon, wala siya sa orihinal na paglalang. Siya'y wala sa orihinal na paglalang ng Diyos; siya'y sekondaryang produkto. Samakatwid, doon "sa pasimula," na tinukoy ni Jesus rito, hindi siya orihinal na nilalang ng Diyos. Siya'y ginawa lang mula sa lalaki, noong tinukoy ni Jesus ang "sa pasimula."

106 Alalahanin, si Adan noon ay lalaki at babae, sa orihinal na paglalang, isa, subalit pagkatapos ay pinaghiwalay siya sa pamamagitan ng isang tadyang.

107 Pansinin, kundi isang sekondaryang produkto, at, pansinin, siya lamang noon sa lahat ng mga nilalang ng Diyos, sa lahat ng mga hayop at sa anupamang bagay, siya lang ang nag-iisang dinisenyo nang ganito. Lahat ng iba pang mga babae ay nasa orihinal na paglalang. Lahat ng iba pang mga babae ay nasa orihinal na paglalang, subalit si Eba ay wala sa orihinal na paglalang. Kita n'yo, kinailangan na magawa iyon nang ganoon. Tayo'y dadako diyan pagkatapos ng ilang sandali. Pansinin, sa pagkalikhang ito sa kanya, ay hindi sa orihinal, kundi isang sekondaryang produkto. At sa ganitong pagkalikha, mayroong . . .

108 Ngayon ayaw kong saktan ang inyong mga damdamin, subalit gusto kong sabihin sa inyo ang Katotohanan. At kayo'y maupo lang; mainam 'yang ginagawa n'yo.

109 Wala nang dinisenyong napakamapanlinlang, na katulad sa isang babaeng mapanlinlang. Wala nang iba pa; wala nang nilikha nang ganoon.

110 Gayun din, wala nang napakadaling malinlang na tulad sa isang babae. Ngayon, pinatutunayan ng pagkahulog na totoo nga ang ganitong pahayag, ang pagkahulog sa pasimula.

111 Siya'y wala sa orihinal na paglalang sa pasimula. Siya'y na kay Adan noon, pero hindi sa babaeng kasarian, sa sarili niya mismo, sa pasimula. Siya'y ginawang sekondaryang produkto.

112 Ngayon, wala nang iba na dinisenyo na makapanlilintang, at malilintang, na kasingdali tulad sa isang babae. Wala nang iba pang dinisenyo o magagawang magpakababa na kasingbaba ng magagawa ng isang babae. Mag-isip ngayon. Wala nang dinisenyo, sa lahat ng nilalang, na magagawang magpakababa na kasingbaba tulad ng magagawa ng isang babae. Magagawa niyang durugin ang puso ng lalaki nang mas madali kaysa anumang bagay na mayroon sa sanlibutan, ay ang asawa nitong babae. Hayaan ang magandang kaibig-ibig na maybahay na iyon na sumama sa kung sinong ibang lalaki; masdan n'yo 'yung lalaking iyon na nakaupo roon kasama ang mga anak nito, ang mga luha ay pumapatak mula sa mga mata nito. Siya'y dinisenyo nang ganoon. Dinisenyo siya na gawin ang ganito. Walang baboy, walang aso, o wala nang ibang hayop, na dinisenyong katulad

niya o magagawang magpakababa na kasingbaba ng magagawa ng katulad niya. Ngayon, totoo 'yan.

Ukol naman sa mga kapatiran kong babae, nais ko lang na tingnan n'yo.

¹¹³ Walang hayop na puwedeng maging imoral. Tinatawag n'yo ang isang aso na “slut,” ang babaeng aso, tinatawag n'yo ang lalaking . . . ang baboy na isang “sow,” pero ang kanyang moral ay isang milyong milya na mas mabuti kaysa sa maraming artista sa Hollywood. Ganyan kababa na siya'y dinisenyong magpakababa. Hindi niya magagawa . . . Isipin lang ito ngayon. Walang bagay sa sanlibutan, na ginawa sa paglalang ng Diyos, na puwedeng maging imoral, yumuko nang ganoon kababa.

¹¹⁴ Sasabihin mo, “Sandali lang, ‘lalaki!’” Dadako rin tayo riyon. Kailangang magsabi ang babae ng “oo.”

¹¹⁵ Pansinin, wala nang dinisenyo na magpapakababa nang napakababa, o kaya'y maging marumi, maliban sa isang taong babae. Hindi iyon magagawa ng isang aso, hindi iyon magagawa ng isang baboy, hindi iyon magagawa ng isang ibon. Walang hayop na imoral, ni hindi ito maaaring maging imoral, dahil ito'y hindi dinisenyo para maging ganoon. Ang babaeng baboy ay hindi magagawang maging imoral, ang isang babaeng aso ay hindi magagawang maging imoral, ang isang babaeng ibon ay hindi magagawang maging imoral. Ang babaeng tao ay ang tanging makagagawa nito.

¹¹⁶ Ngayon nakita n'yo na ba kung saan pumunta si Satanas? Kita n'yo? Subalit ganoon pa man nasa babae pa rin, may kapangyarihan siya na magsabi ng “oo” o “hindi.” Kita n'yo, depende kung saan niya gustong ilagay ang kanyang sarili. Kita n'yo? Ngayon dito'y makikita natin nang napakalinaw ang binhi ng serpiyente, kung saan ito nakapasok. Mayroon lamang iisang dako na mapupuntahan niya. Kung hindi ba naman 'yan maibaon, meron talagang bulag. Kita n'yo? Kita n'yo, kinailangan nitong umabot sa ganoon.

¹¹⁷ Pansinin, ang dahilan kaya hindi iyon magagawa ng mga hayop, ng isang babaeng hayop, ay nasa orihinal na paglalang ang mga ibon. Subalit ang babaeng tao ay wala doon sa orihinal na paglalang. Ngayon magbabalik tayo para halukayin ito, pagkatapos ay dadalhin ko kayo mismo sa modernong panahon, diyan sa Tipan.

¹¹⁸ Siya'y dinisenyo, siya lamang, para sa kalaswaan at maruming pamumuhay. Hindi iyon magagawa ng aso, at walang ibang babae ang makagagawa niyon. Ang babaeng tao lang ang makagagawa. Ang isang aso o anumang ibang mga hayop, minsan lang sa isang taon, at iyon ay para magkaroon ito ng mga anak; hindi para sa pang-seksuwal na kasiyahan, kundi para magkaroon ito ng mga anak. Ang matandang inahing baboy, ang matandang slut na aso, minsan lang sa isang taon, sa isang

sandali, para 'yon sa pagkakaroon nito ng mga anak. Subalit ang babaeng tao ay dinisenyo para sa anumang panahon na ibigin niya. Mayroon akong mga bagay na inekisan ko na rito ngayon; kaya n'yo nang isipin ang lahat nung iba pa. Hindi magagawa ng aso; magagawa ng babaeng tao. Umaasa ako na ihahayag sa inyo ng Espiritu Santo ang iba pa sa mga inekisan ko rito.

¹¹⁹ Siya lang ang tanging uri, uri ng babae, na ginawang mas maganda kaysa sa lalaki. Wala nang ibang uri sa lahat ng anumang bagay. Ang lahat ng iba pang mga nilalang ng Diyos ay magaganda ang lalaki, tulad sa mga hayop, mga ibon, at iba pa, laging ang lalaki ang maganda.

¹²⁰ Tingnan n'yo ang malaking usang lalaki, may malalaki't magagandang sungay, napakagilas na uri; at ang maliit, na mapagpakumbabang usang babae. Tingnan n'yo ang malaking tandang sa lahat ng mga naggagandahang balahibo nito; at ang maliit, na kayumangging inahing manok. Tingnan n'yo ang mga ibon, ang tandang at ang inahing manok. Bakit, bakit ito ganoon, sa lahat ng mga nilalang ng Diyos? Ang lahat ng mga nilalang, pagdating sa mga lalaki ay pinakamagaganda. Sa pagitan ng mga tupa, sa mga—sa mga baboy, sa mga kabayo, sa anupamang bagay, laging ang malaking lalaki ang maganda, at sa mga ibon.

¹²¹ Pero pagdating sa lahi ng tao, ang babae ang maganda, hindi ang lalaki; kung maganda ang lalaki, may bagay na mali, may pinaghalong binhi diyang kung saan man. Ganoon ito sa orihinal. Bakit, bakit nagkaganoon? Para makapandaya sa pamamagitan nito. Ang nag-aayos sa babae, na si Satanas, ay patuloy pa rin siyang inaayusan sa mga huling araw na ito.

¹²² Hayaan n'yo akong huminto muna rito sandali. “Maganda!” Alam n'yo ba, sa unang pagkawasak, sa buong daigdig, ng mundo, o buong mundo, ay dahil sa mga magagandang babae? “Nang makita ng mga anak ng Diyos na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao, sila'y nagsikuha para sa kanila ng mga babae.” Tama ba?

¹²³ Napansin n'yo ba ang pagganda pa lalo ng mga kababaihan sa panahong ito? Nakakita na ako ng litrato ni Pearl O'Brien, na naturingang pinakamagandang babae sa bansa, dati. Walang kabataang babae sa paaralang ito na hindi siya malalamangan, pagdating sa kagandahan.

¹²⁴ Ang lalong pagganda ng mga kababaihan ay nagpapakita ng panahon ng pandaraya. Kailan ba naging mas maganda ang iglesia kaysa ngayon? Ang lahat ay nagtatampok ng nagtataasan, naglalakiha't naggagandahang mga gusali, at milyun-milyong mga *ganito* at milyun-milyong mga *ganoon*. Hindi n'yo ba nakikita, “ang babae,” ang pandaraya!

¹²⁵ Ngayon, walang anuman na magagawang magpakababa na gaya niya, at nakadisenyo siya sa paraang makapandaraya siya. At talagang gumagawa si Satanas sa kanya ngayon, sa mga

huling araw na ito, sapagkat ito ang kanyang tagadisenyo. Mapatutunayan ko iyan ngayon. Sa pagbabalik doon mismo sa pasimula, sino ba ang nagsimulang gumawa sa kanya, si Adan ba o si Satanas, ang Diyos ba o si Satanas? Kita n'yo, iyon ang nagdisenyo sa kanya. Ito ang pangunahin niyang sandata para itulak ang lalaki sa kanyang karumihan, bilang isang magandang babae, magagawa niyang pakilusin ang lalaki sa anumang paraan na naisin niya. Kapatid, hindi 'yung bahay-inuman dito ang nakakahila sa lalaki; ito'y ang magandang babae na naglalakad sa kalye, nang pakendeng-kendeng, na halos hubad na. Iyon ang naghihila... Iyon ang manlililang mismo. At siya'y mapanganib sa ganito, lubos na mapanganib. Maaaring kuwestyunin n'yo ako tungkol kay Satanas bilang kanyang tagadisenyo, subalit 'yun ang Katotohanan. Inayusan siya ni Satanas. Ginagawa pa rin niya iyon.

¹²⁶ Hayaang ipakita ko sa inyo ang isang bagay sa Kasulatan. Kailangan ko kayong dalhin pabalik sa Kasulatan, at bumuo kayo ng inyong palagay habang tinutunghayan n'yo ito ngayon.

¹²⁷ Si Satanas ang siyang may anyo ng ganyang klase ng kagandahan. Kung mapapansin natin, siya ang pinakamaganda noon sa lahat ng mga Anghel sa Langit. Tama ba? At ninasa niyang gawin ang Langit na mas magandang lugar kaysa sa kaharian ni Miguel. Tama ba? Gayun din, upang ipakita na si Cain ay kanyang anak, naghandog siya ng mas magandang pagsamba, pinalamutian ang kanyang mga altar ng mga prutas at mga bulaklak, at iba pa. Tama ba? Maganda! Ang kasalanan ay maganda, ang tinatawag nating kagandahan ngayon. At ang kasalanan ay nandaraya, sa pamamagitan ng kagandahan. Hindi mo pagmamasdan ang isang babaeng naglalakad doon sa kalye at sabihin kung ano ang nasa kanyang puso. Kita n'yo? Subalit nais kong sabihin ang mga bagay na ito upang makita n'yo kung bakit si Satanas ang tagadisenyo niya. Talagang tama iyan, pinatunayan ito ng sariling anak niya, si Cain. Ngayon, ang babae ay maganda para makapandaya siya.

¹²⁸ Ang sanlibutan ay maganda para makapandaya ito. Ang ibig kong sabihin ay *kosmos*, ang sistema ng sanlibutan. Ito'y maganda para ito makapandaya, malalaki't magagandang mga lugar at karangyaan.

¹²⁹ Alalahanin ang propetang si Amos, noong siya ay nagpunta at tumunghay sa bayan, at nakita ito na parang isang modernong Hollywood, naningkit ang kanyang maliliit na mga mata, sa ilalim ng ubanin na buhok na iyon na nakalaylay sa kanyang mukha. At siya'y bumaba doon na may Mensahe, at pinasabog Ito sa lugar na iyon. Sabi niya, "Ang mismong Diyos na inyong sinasabing pinaglilingkuran, ay wawasakin kayo!" Siyanga.

¹³⁰ Kaakit-akit ang kasalanan. Inilarawan nila si Judas na parang isang matandang lasenggo rito sa kalye sa kung saan,

at nakanganga ang bibig na nilalangaw pa, at iba pa, bilang si Judas. Guwapo si Judas, matipuno, isang mandaraya. Hindi 'yung lalaki na mukhang kailangan mong bantayan, hindi isang lalaki na (na hamak na magsasaka) na dumarating na nakasuot ng overalls, ang babantayan mo pag nariyan ang asawa mo; ito'y 'yung magaling magsalita, siya 'yung salbahe.

¹³¹ Ang kasalanan ay maganda sa paningin ng sanlibutan, subalit ang Diyos ay hindi ipinakikilala sa ganoong klase ng kagandahan. Alam n'yo ba iyon? Ang Diyos ay ipinakikilala sa pag-uugali, magandang pag-uugali.

¹³² Sa Biblia, Isaias 53, kung gusto n'yong isulat ang naturang Kasulatan. Meron itong mga hanay ng Kasulatan na nakasulat dito sa gilid para dito. Isaias 53, sinabi ng Biblia tungkol sa ating Panginoong Jesus, na, "Walang kagandahan na maiibigan natin Siya. At gaya ng isa na pinagkublihan ng mukha ng mga tao." Tama ba? Hindi natin Siya naibigan, dahil hindi Siya maganda. Siya marahil ay isang maliit na lalaki, na hukot ang balikat, walang kapinuhan, at hindi Siya kanais-nais na maging isang pinuno. Hindi Siya mukhang isang pinuno. Nagsasalita sa karaniwang salitang-kalye, at kung anu-ano pa, tulad ng pagsasalita ng mga tao, ng mga karaniwang tao, kung kaya hindi Siya mukhang kung sinong tanyag na iskolar, edukado, mahusay, nadaramtan nang husto, at lahat na. Isa lamang Siyang karaniwang Tao. "Walang kagandahan sa Kanya, upang naisin natin Siya." Nagparoo't parito Siya sa gitna ng mga tao, nakasama mismo, hindi man lang nila nakilala kung Sino Siya. Hindi Siya mukhang isang diyos na kasama nilang naglalakad, base sa kung ano sa palagay natin ang isang diyos. Subalit, gayon pa man, Diyos nga Siya!

¹³³ Napansin n'yo ba nang sabihin ng Panginoong Diyos kay—kay Samuel, "Pumunta ka sa bahay ni Jesse at pahiran mo ang isa sa kanyang mga anak, bilang hari, upang pumalit sa lugar ni Saul"?

¹³⁴ Ngayon, pinili ng mga tao si Saul, gayong ganap na ngang sinabi ni Samuel sa kanila na huwag gawin iyon. Sabi niya, "Ayaw ng Diyos na magkaroon kayo ng hari; Siya ang inyong Hari." At sabi, "May sinabi na ba ako sa inyo, sa Pangalan ng Panginoon, kundi 'yung mga nagkatotoo nga? Namalimos na ba ako ng pera sa inyo o kung ano man, na iba pa, para sa ikabubuhay ko?"

¹³⁵ Sabi nila, "Hindi, hindi ka kailanman namalimos sa amin ng pera. At anuman ang sinabi mo, sa Pangalan ng Panginoon, ito'y nangyari nga. Subalit gusto namin ng hari, gayon pa man," kaya pinili nila si Saul. Tingnan n'yo kung ano ang pinili ng sanlibutan! Tingnan kung ano ang pinili ng Israel! Ang Israel, ang pinahiran ng Diyos, pinili nila ang isang tao na ang ulo at balikat ay mas mataas sa sinumang tao sa bansa; matangkad,

malaki, mahusay, na guwapong lalaki, at siya'y naging lagi na lang sumisira sa mga magagandang sitwasyon.

¹³⁶ Subalit sinabi ng Diyos, “Ako’y pipili para sa inyo ng isang hari sa Aking sariling pagpili.” Kaya sabi Niya, “Samuel, hindi Ko sasabihin sa iyo kung sino siya, ngunit pumunta ka roon. Siya’y isa sa mga anak ni Jesse.”

¹³⁷ At si Jesse, ang kanyang asawa, at lahat sila ay tumingin sa paligid, sabi, “Oo, ang aming panganay na anak, siya’y isang dakilang matangkad, na guwapong lalaki, siya’y sadyang mukhang nababagay para sa korona ng hari. Matalino siya. Siya’y edukado. Mabuti siyang tao. Alam kong sadyang babagay siya. Maayos siyang magsalita.”

¹³⁸ Nang dalhin nila siya, kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at lumapit sa kanya. Sabi niya, “Hindi, tinanggihan siya ng Panginoon.” Kaya napunta siya hanggang doon, sa anim na anak na lalaki, at tinanggihan ng Diyos ang bawat isa sa kanila. Sabi niya, “Mayroon pa bang isa?”

¹³⁹ “Oh,” sabi niya, “oo, mayroon pang isa, naroon siya sa labas na nagpapastol ng tupa. Naroroon lang siya at tumutugtog ng mga kanta, at inaawit iyon, at sumisigaw, at patuloy na ganoon. Subalit, siya’y isang maliit na hukot ang balikat, na mukhang walang kapinuhang lalaki, hinding-hindi siya maaaring maging hari.”

¹⁴⁰ Sabi niya, “Pumunta ka’t sunduin siya.” At habang papalapit si David sa paningin ng propeta, tumakbo ang propeta na dala ang langis at ibinuhos ito sa kanyang ulo, sabi, “Ito ang pinili ng Diyos.” Hindi maganda; kundi pag-uugali. Tumitingin ang Diyos sa pag-uugali.

¹⁴¹ Ang tao’y tumitingin sa natural na kagandahan. Ito’y nakapanlilinlang. At iyan ang dahilan kaya binigyan ang babae ng ganoong kagandahan, para sa pandaraya, para makapandaya. Ang isang magandang babae, kung hindi niya ito gagamitin sa tamang paraan, isa na itong sumpa sa kanya; na magdadala sa kanya sa impiyerno nang mas madali kaysa ibang bagay na alam ko. Kung siya lamang. . . Kung puwede siyang gumanda, sige, hangga’t mananatili siyang kasama ang kanyang asawa at ginagawa kung ano ang tama, at iyon—’yon ay mainam at maigi. Subalit puwede niyang gamitin ang bagay din na ’yon at, naku, gaanong magagawa niyang makapandaya sa pamamagitan nito, sapagkat ito’y ibinigay sa kanya para gawin ang ganoon.

¹⁴² Pansinin, ngayon, subalit ang Diyos ay ipinakikilala sa pag-uugali. “Walang kagandahan na ating mananais kay Jesus,” subalit walang pag-uugaling katulad ng sa Kanya, dito sa lupa.

¹⁴³ Ngayon ay nalaman natin, sa panahong ito, na ang—ang pag-uugali ng iglesia, si Satanas at ang kanyang grupo, ay tumitingin sa malalaki, magagandang simbahan, magagandang

bagay. Iyon ang tinitingnan ng sanlibutan ngayon. “Oh, ang pastor, sa dakilang *ganito-at-ganoong* panahon, *ganito-at-ganoon*, talagang pari na pari at maka-Diyos, naglalakad doon, sa mahahabang kasuotan na ito, at mga ganoong bagay.” Tinatawag nila iyon na kagandahan.

144 Subalit ang mga tunay na banal ng Diyos ay tumitingin sa pag-uugali ng pinatotohanang Salita.

145 Iyon ang ginawa ng mga banal noong panahong iyon, nang makita nila si Jesus. Hindi Siya kapansin-pansin, ngunit nakita nila na ang Diyos ay sumasa Kanya. Nakita nila na nasa Kanya ang Diyos.

146 Ganoon kung papaano na 'yung, sina Joab at ang mga tauhang kasama ni David, na isang maliit na hamak na lalaki, ngunit nakita nila ang—ang pagkatao na nasa kanya. Nakita nila na sumasa kanya ang Diyos, at alam nila na siya ay luluklok sa kapangyarihan balang araw. Sila . . . Pinatay ng isa ang iba pang limang kapatid ni Goliat, nang mag-isa lang. Pumatay ang isa ng tatlong daang kalalakihan; noong namimitas ang ilang babae ng ilang sitaw para sa tanghalian, at ang hukbo ay nakaalis na, at kumuha siya ng sibat at pinatay ang tatlong daang kalalakihan, na mga Filisteo. Pag-uugali! Bakit? Nanatili sila mismo na kasama ni David. Alam nilang ang pahid ay sumasa kanya, at alam nilang siya'y luluklok sa kapangyarihan.

147 Isang tunay na larawan ng Iglesya ngayon na maninindigan sa Salita! Alam nating Ito'y patototohanan. Alam nating Ito'y luluklok sa kapangyarihan balang araw. Bagama't si Saul . . . At isa siyang takas mula sa ibang mga bansa, subalit alam nilang siya'y luluklok sa kapangyarihan. Alam nating luluklok Siya sa kapangyarihan, din, kaya pinaniniwalaan natin ang Salitang iyon at naninindigan mismo doon, anuman ang maging kabayaran nito. Kung kailangan nating tagpasin ang mga Filisteo, o tumalon sa isang hukay at pumatay ng isang leon, katulad ng ginawa nung isa, pupunta pa rin tayo ganoon pa man, dahil ito'y ang . . . ganoon itong dinisenyo ng Diyos. Tumitingin tayo sa pag-uugali.

148 Maaaring tanungin n'yo ako ngayon, “Bakit Niya pinahintulutan na maging ganoon ang pagkadisenyo sa babae?” Ayaw kong gumugol ng masyadong maraming oras, dahil marami pa akong kailangang sabihin dito. “Bakit,” maaaring maitanong ito pagkatapos, “bakit ginawa ng Diyos itong babae nang ganito? Bakit pinahintulutan Niyang maging ganoon ito?” Ito'y para sa Kanyang Sariling mabuting layunin. Siyanga.

149 Ngayon kung gusto ninyong buklatin ang inyong Biblia sa ilang saglit lang, buksan natin sa Mga Taga Roma 9, sandali, at ipakita sa inyo ang isang bagay, kung paano ginagawa ng Diyos ang mga bagay na ito, kung gusto n'yo na—na basahin ito. At

makikita natin dito kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa Kanyang Sariling mabuting layunin. Mga Taga Roma 9:14.

Kung gayon ay ano nga ang ating sasabihin?

Mayroon бага kayang kalikuan diyana sa Dios? . . .

¹⁵⁰ Nang piliin Niya si Esau, o pinili si Jacob at tinanggihan si Esau, bago pa man magkaroon ng karapatang mamili ang dalawang bata, mismo, wala ni isa sa kanila; bago sila isilang, na naroon pa lang sa sinapupunan ng ina, sinabi ng Diyos, “Kinapopootan Ko si Esau, at iniibig Ko si Jacob.” Kita n’yo? Bakit?

Sapagka’t sinabi niya kay Moises, Ako’y maaawa sa aking kinaawaan, at ako’y mahahabag sa aking kinahahabagan.

Kaya nga hindi . . . siya na may ibig, ni hindi . . . siya na tumatakbo, kundi ito’y nasa Dios na naaawa.

Sapagka’t sinasabi ng Kasulatan tungkol kay Faraon, Dahil sa layong ito ay itinaas kita, upang aking maihayag sa pamamagitan mo ang aking kapangyarihan, at upang ang aking pangala’y maitanyag sa buong lupa.

Kaya nga siya . . . (ngayon tingnan n’yo rito) . . . sapagkat siya . . . ay naaawa sa kaniyang ibig, at sa kaniyang ibig siya’y nagpapatigas.

Sasabihin mo . . . sa akin, Bakit pa siya kung gayon . . . humahanap ng kamalian? Sapagka’t sino ang sumasalangang sa kaniyang kalooban?

Ngunit, Oh tao, sino ka na nagpapayamot sa Dios? Sasabihin бага ng bagay na ginawa doon sa gumawa sa kaniya, Bakit mo ako ginawang ganito?

O wala bang kapangyarihan sa putik ang magpapalyok, upang gawin sa isa lamang limpak ang isang sisidlan para sa ikapupuri, at ang isa’y para sa ikahihiya?

Ano kung ang Dios ay inibig na ihayag ang kaniyang kagalitan, at ipakilala ang kaniyang kapangyarihan, ay nagtiis . . . ng gayong malaking pagpapahinuhod sa sisidlan ng galit na nangahahanda na sa pagkasira:

. . . upang maipakilala ang kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian sa sisidlan ng awa, na kaniyang inihanda nang una pa sa kaluwalhatian,

¹⁵¹ Ngayon makipagtalo kayo Riyan sandali. Ginawa iyon ng Diyos! Kinailangan Niya itong gawin nang ganito. Kinailangan na naroon iyon. Ngayon ay makinig kayo ngayon sa loob ng mga limang minuto, gusto kong tawagin ang inyong pansin sa isang bagay.

152 Ano ang Diyos? Ang Diyos ay isang dakilang Walang Hanggan. Sa pasimula, noong bago pa man magkaroon ng pasimula, ni hindi pa Siya Diyos noon. Alam n'yo ba iyon? Ang *Diyos* ay isang “pinag-uukulan ng pagsamba,” at wala pang kahit anong bagay noon para sumamba sa Kanya. Nabubuhay Siyang mag-isa.

153 At sa Kanya'y may mga katangian. Ano ang katangian? Isang kaisipan. Ngayoy makakakuha kayo ng isang bagay na magiging karugtong na ng aralin para mamayang gabi. Pansinin, Siya ang Kanyang mga katangian na nasa Kanya. Ngayon, nasa Kanya ang pagiging Ama, nasa Kanya ang pagiging Diyos, nasa Kanya ang pagiging Anak, nasa Kanya ang pagiging Tagapagligtas, nasa Kanya ang pagiging Tagapagpagaling. At ang lahat ng mga bagay na ito rito ay sadyang ipinapakita lang ang Kanyang mga katangian. Walang bagay na wala sa ayos. Ang akala n'yo ba'y hindi nakita ng Diyos ang katapusan mula pa noong pasimula? Tiyak ngang, nakita na Niya. Walang anuman na wala sa kaayusan, ipinapakita lamang nito ang Kanyang mga katangian.

154 Ngayon, hindi Siya magiging *makatuwiran* at gagawing mahulog ang tao. Kailangan Niyang ilagay siya sa patas na batayan, ng pagkakaroon ng malayang pagpili, para makapamilya sa kanyang sarili, subalit nalalaman na na siya'y babagsak.

155 Ngayon, hindi Siya puwedeng maging Tagapagligtas maliban na may isang bagay na mapapahamak. Hindi Siya puwedeng maging Tagapagpagaling malibang may magkasakit. Kailangang maging ganoon ang mga bagay na ito. Ginawa sila ng Diyos na ganoon upang maipakita ang Kanyang mga dakilang katangian. Kung walang ganoon, hindi sana Siya naging isang Tagapagligtas. Subalit alam natin na Siya nga'y gayon, bago pa man nagkaroon ng panahon, Tagapagligtas na Siya. Isa Siyang Tagapagligtas, kaya kailangang mayroong mapapahamak. Paano iyon mangyayari?

156 Kung kukunin Niya at iwawala rin, para lang iligtas ito, kung gayo'y hindi makatuwiran ang Kanyang paghatol. Hindi Niya maaaring ipadala ang isang tao sa impiyerno, at magiging makatuwiran. Siya'y mabuti, mabait, totoo, tapat, at isa Siyang dakilang Hukom. Kita n'yo, kikilos Siya kung ganun nang salungat sa Kanyang Sarili.

157 Kaya kinailangan Niyang maglagay ng tao rito, at gawin siya na may malayang pagpili, nang sa ganoon siya, nalalamang, mahuhulog; at ang tao, na nasa Kanyang Sariling larawan, paano siya mahuhulog? Ngayon nakikita n'yo na ba ang Liwanag ng araw? Kaya, kinailangan Niyang gumawa ng sekundaryang produkto, isang bagay na nagmula sa orihinal na nilikha. Ngayoy nakikita n'yo na ito. Kita n'yo? Hayan na nga. Kita n'yo? Pagkatapos, iyon ang nahulog. Ginawa Niya ito, nalalamang

ito'y mahuhulog. At inilagay ito sa mga kamay ni Satanas, bilang isang sisidlan sa ikahihiya. Saan nakalagak ang kapurihan ngayon? Pag-isipan n'yo iyan. Pansining maigi ngayon.

¹⁵⁸ Gayon pa man, bakit siya dinisenyo nang ganito at hindi katulad ng ibang mga babae, bakit ganoon ang pagkadisenyo sa babaeng tao at ang ibang mga babae ay hindi? Wala sa ibang mga babae ang pagkadisenyo na katulad niyon. Hindi ganun ang mga ito, sa panahon ngayon. Hindi magagawa ng mga ito. Kung hindi ganoon ang pagkagawa sa kanya, hindi niya magagawa iyon. Bakit hindi Niya ginawa ang babaeng ito kung gayon, ang taong babae, na katulad ng iba pang mga babae, para maging ganoon din siya, ang manganak lang? Saka makapag-aasawa siya, at mamumuhay; at kapag panahon na niya para magkaanak, manganganak lang siya. Bakit, bakit hindi Niya ito ginawang ganito?

¹⁵⁹ Hindi ko masabi ang mga salitang ito. At nauunawaan n'yo kung ano ang sinasabi ko, hindi ba? Kung nauunawaan n'yo, sabihin n'yo "amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga. Kita n'yo? May mga batang babae na nakaupo rito, at mga batang lalaki, kita n'yo. Subalit alam n'yo, ang hayop ay kailangang dumating sa isang takdang panahon ng taon, at ng kanyang kabiyak, pagkatapos iyon lang. Subalit, sa isang babae, ay kahit anong panahon. At bakit ginawa Niya siya na ganito?

¹⁶⁰ Ngayon ay pagmasdan ang Kanyang dakilang programa na nailalantad, habang nagpapatuloy tayo rito ngayon, sadyang ganap na tamang-tama. Hindi ko alam ito hanggang noong isang araw.

¹⁶¹ Bakit hindi Niya siya ginawang ganoon sa pasimula, katulad ng iba pang nilikha Niyang mga babae? Sapagkat ito'y taliwas sa Kanya. Siya ang Bukal ng lahat ng kalinisan. Iyon ang dahilan kaya kinailangan Niyang pahintulutan si Satanas na mahawakan ang babae, kung ano ang ginawa nito noon sa pagbabaluktot nito. Ang ganoong klase ng nilalang ay magiging, taliwas sa Kanya, sa orihinal na pagkadisenyo.

¹⁶² Ang lahat ng mga gawa Niya na Kanyang dinisenyo, sa orihinal, ay nasa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay. Lahat ng Kanyang orihinal na mga gawa ay nasa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay. Ang babaeng aso, sa lalaking aso; kita n'yo, babaeng baka, sa lalaking baka; lahat ay nasa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay. Ang buong kalikasan ay nasa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay. Mamamatay ang binhi, mababaon sa lupa; tulad ng kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli. Ang dagta ay bumababa mula sa isang punongkahoy, ilalaglag ang dahon nito, magbabalik sa susunod na taon na may pagkabuhay na mag-uli ng isang panibagong dahon. Nakita n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin? Ang lahat ng bagay, maging ang kalikasan, ng Diyos, ay pawang nasa

tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay, sa iisa; at narito ang isa na dinisenyo na labas sa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay ng Diyos. Ang kalikasan ay dinisenyo nang ganoon para hindi nito magawang magkasala. Isipin n'yo nga! Ang orihinal na nilikha, ng Diyos, ay hindi maaaring magkasala.

¹⁶³ Oh, hindi n'yo ba nakikita ito ngayon, sa tanawin dito, ang pagkabaluktot ng iglesia? Ang orihinal ay ang Salita ng Diyos! Walang kasalanan sa Diyos. Nakikita n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin? Narito ang isang nilikha na lumitaw sa pamamagitan ng pagbabaluktot. Magkakaroon ang Diyos ng isang Iglesia, subalit tingnan n'yo itong binaluktot na bagay na mayroon sila rito.

¹⁶⁴ Mayroong lalaki at babae ang Diyos. Subalit, itong babae, kita n'yo, ang pinaka palatandaan nito ay nagpapakita kung ano ang nasa isip noon ng Diyos. Makakagugol tayo ng isang oras, o dalawa, at himayin iyan. Siya . . . Ginawa ang nilalang na ito para sa ganoon, ginawa Niya ang naturang nilalang at ginawa siyang ganoon upang mahawakan siya ni Satanas, at nahawakan nga nito. Hawak pa rin siya nito. Kailangan niyang tumakas papunta sa Krus, katulad ng lalaki, rin.

¹⁶⁵ Pansinin, ang buong kalikasan ay tumatakbong nasa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay. Kung ginawa Niya ang babae noon sa gayon ding orihinal na pagkalahang, wala sanang kasalanan, sapagkat hindi sana niya nagawa iyon, hindi sana niya nagawa iyon. Isa siyang pagbabaluktot sa orihinal na paglalang.

¹⁶⁶ Gayun din na ang lahat ng kasalanan ay pagbabaluktot sa orihinal na Katotohanan! Ano ba ang kasinungalingan? Ang Katotohanan na binaluktot. Ano ba ang pangangalunya? Ang tamang gawa na binaluktot. Kaya hayun ang binaluktot na nilalang, hayun ang binaluktot na kabuuang bagay. At ang buong bagay ay binaybay na k-a-s-a-l-a-n-a-n, na nariyan mismo. Kaya naman napakabigat ng naturang katanungan.

¹⁶⁷ Isang piraso lang, kapisaso, na galing sa lalaki, para madaya sa pamamagitan nito ang lalaki; ginawa ito ng Diyos, pinatunayan mismo rito. Ginawa ang babae para doon.

¹⁶⁸ Ang isang imoral na babae ay ang pinakamababang bagay na maiisip mo, sa lupa. Ipagpaumanhin n'yo ito, mga kabataang babae. Siya'y walang anuman kundi isang taong basurahan, isang paglalantad ng kahalayan. Ganoon lang siya, ang isang imoral na babae, ay isang taong basurahan ng kahalayan, isang polusyon, kung saan ang karumal-dumal, marumi, masama, karumal-dumal na kalaswaan ay itinatapon sa pamamagitan niya. Para sa ano't ginawa siyang ganito? Para sa pandaraya. Bawat kasalanan na narito sa lupa ay babae ang nagdulot.

¹⁶⁹ At isang analista na taga-Chicago lamang, isang-isang babae ang sumulat nitong artikulo, sa kapulisan; na nasundan

nila, sa Estados Unidos, sa metropolitang bahagi ng Estados Unidos, na “Siyamnapu’t walong porsiyento sa bawat krimen na nagawa sa anumang anyo, sa Estados Unidos, alinman na may kasabwat na babae rito o nasa likod nito.”

¹⁷⁰ Ngayon sinasabi ko ang lahat ng ito, upang mabigyang-diin ang isang bagay sa dulo, upang makita n’yo kung ano ang nangyayari.

¹⁷¹ Ginawa siya para mandaya, katulad ng ginawa niya kay Adan sa pasimula, sinabi rito na ang bunga ay kaaya-aya, at kung ano pa, para dayain ito at ilayo ito sa Salita. Ganoon ang ginagawa ng iglesya ngayon, ganoon ding bagay.

Subalit gayun pa man, pagkatapos niyon, ang lalaki na ang naging kanyang tagapamuno, upang pamunuan siya.

¹⁷² Ngayon anong kaibahan sa panahon ngayon, sa kaisipan sa panahong ito. Imbes na ang lalaki ang kanyang maging tagapamuno, siya ay naging diyos na nito. Tiyak nga, pinamumunuan na niya ito. Ngayon naiintindihan n’yo na marahil nang malinaw kung ano ang pinupunto ko. Sa kanyang kagandahan at sa kanyang seksuwal na pangungontrol, ang kanyang hugis na ibinigay sa kanya ni Satanas, ang sekondaryang produktong ginawa ni Satanas, ipinadala siya para mandaya ng mga anak ng Diyos. At magagawa niyang iligaw ang mas marami sa kanila patungo sa impiyerno kaysa sa anupamang ibang instrumento na meron si Satanas. Talagang tama ’yan.

¹⁷³ Ang tinutukoy ko ay ’yung mga imoral ha, hindi kayo na mga kapatirang babae. Bibigyan namin kayo ng inyong lugar, tamang lugar, sa loob ng ilang minuto, dito sa Salita ng Diyos. Ito’y nasa plano na ng Diyos mula pa sa simula—sa pasimula.

¹⁷⁴ Ngayon para magawa naman ito sa panahong ito, ano ba ang diyos ng Estados Unidos? Naaalala n’yo pa ba sa tabernakulo mga taon na ang nakararaan, na nangaral ako tungkol diyan? Ang diyos ng makabagong panahong ito, ay isang maliit na kiri na nakaupo roon na naka-make-up, at ang damit ay hanggang sa itaas lang ng kanyang tuhod, at mga ganoong bagay. Sabi ko, “Masdan ang inyong diyos!” At tama ’yon, ang babae’y nasa lahat na ng mga paanunsiyo, na halos hubad na. Siya’y nasa kalye, na ganoon din.

¹⁷⁵ Ito’y isang instrumento ni Satanas, “mula sa pasimula,” sinabi ni Jesus. Kita n’yo? Nakikita natin na ganoon nga ito ngayon, at “mula sa pasimula,” at na kung ano ang Kanyang sinasabi.

¹⁷⁶ Ngayon, ginawa siyang diyos dati ng mga pagano, (alam n’yo ba iyon?) isang diyosa. Tunay nga. Ginagawa nila siya na isang diyosa, dahil meron nga silang mga aktong seksuwal sa kanilang pagsamba. Inaangkin nilang, “Siya ang manlilikha. Sa kanyang sinapupunan ay kanyang dinala ang binhi at

lumalang.” Kabulaanan iyon. Iisa lang ang Manlilikha, iyon ay ang Diyos. Subalit naaalala n’yo ba si Pablo roon? “Si Diana, ng Efeso,” na isang rebultong bato, sabi pa, “ang diyosa ng Langit, na inihulog.” Hindi n’yo ba nakikita kung paano talaga ang pagsamba ng mga pagano?

¹⁷⁷ At tayo, na hindi nalalaman ito, ay diretsong bumabalik na naman sa paganong pagsamba, sa mga babae, ang mismong pinakamababang nilalang sa lupa, pagsamba sa babae! Pakikilusin niya ang lalaki sa anumang paraan na naisin niya. At hindi nalalaman, na sa lahat ng kagandahang iyon na nasa labas, impiyerno ang nasa loob. Sabi ni Solomon, “Siya, ang kanyang pintuan ay mga pintuan ng impiyerno.”

¹⁷⁸ Ngayon ay nakikita natin nang malinaw rito kung ano ang sinasabi ni Jesus sa Apocalipsis, sa ika-2 kabanata at sa ika-15 talata, tungkol sa doktrina ng mga Nicolaita, ang paparating na paglayo mismo ng iglesyang iyon sa Salita.

¹⁷⁹ Gayun din ay nakikita natin dito, nang malinaw, itong mga mahahalay, masasama, malalaswang mga programa na meron tayo sa telebisyon, ng mga reyna ng kahalayan sa Hollywood. Nakikita natin ang kahalayan ng siyudad na ito, habang ang mga batang ito, mumunting mga kabataang babae ay nagpaparoo’t parito sa kalye rito, na nakasuot ng maiikli’t hapit na mga damit, pakendeng-kendeng, at maginaw pa nga na sapat para ikamatay nila sa lamig. Hindi nila alam na iyon ang Diablo na siyang gumagawa niyon. Sila’y inaalihan ng masamang espiritu, at hindi nila alam! Hindi mo makikita ang babaeng aso na gumagawa ng ganoon, di ba? Wala na kayong nakikita na ibang babae na gumagawa niyon, at maigi na walang lalaki ang lumapit sa kanya, rin.

¹⁸⁰ Kita n’yo, ngayo’y nakikita n’yo na ba ang larawan? May bagay tayong ipapasok sandali na lang, kung loloobin ng Panginoon.

Ngayon ay nakita n’yo na ang mga Nicolaita, nakikita n’yo na ang kanilang doktrina.

¹⁸¹ Nakikita ninyo ang naturang mga dalagitang reyna, na tawag nila sa kanila, itong mga nagtatanghal ng paghuhubad doon sa kalye. Dati-rati’y kailangan pang magpunta sa kung anong mga malalaswang pagtatanghal sa tabi-tabi, para makakita ng nagtatanghal ng paghuhubad. Buksan mo na lang ang iyong mga mata, tumingin ka sa kalye, ganoon na lang ang kailangan mong gawin ngayon. Ang kabuuang bagay ay pagtatanghal na ng paghuhubad. Tunay nga. Para saa’t ginagawa nila ang ganito? Upang mang-akit, manukso, iyon lang ang dahilan na magagawa niya ito. Ginagawa niya ito dahil siya’y malaswa. Ginagawa niya ito dahil siya’y ginawa nang ganoon. Hindi niya nalalaman na siya’y instrumento sa mga kamay ni Satanas, at na ganoon nga siya.

¹⁸² Maging sa ating mga paaralan ngayon, itinuturo na nila ang mga aktong seksuwal. Talagang ang bulok nating mundo ng pagsamba sa babae! Alam kong ayaw nilang paniwalaan iyan. Tatayo at kakanta ng kung anong klase ng himno, at iba pa, sa isang araw; at nasa labas na kasama ang mga babae, nakikipagharutan, buong magdamag. Kita n'yo? Buweno. Samantalang, sa paningin ng Diyos, sa Salita, siya ang pinakamababa sa lahat ng mga hayop na inilagay ng Diyos sa ibabaw ng lupa. Masdan.

¹⁸³ Kaya nga pinagbabawalan siya ng Diyos na magturo ng Kanyang Salita. Siyanga. Unang Timoteo 2:9-15, "Hindi ko ipinahihiintulot na ang babae ay magturo, o magkaroon ng anumang pamumuno." Kita n'yo? At maging sa Unang Mga Taga Corinto 14:34, "Ang mga babae'y magsitahimik sa mga iglesya, sapagkat sila'y walang kapahintulutang magsalita, sapagkat inuutusan silang tumahimik; gaya din naman ng sinasabi ng Kautusan." Subalit, ngayon, ano ang ginagawa ng iglesya? Ginagawa nila siyang mga pastor, mga ebanghelistang, samantalang ganap itong ipinagbabawal ng Biblia. At sinabi ng Biblia, "gaya naman ng sinasabi ng Kautusan," na ginagawang magkakaugnay, ang kabuuang bagay.

¹⁸⁴ Katulad ng Kordero, kagabi, na siyang tanging lugar ng pagsamba, sa ilalim ng ibinuhos na Dugo ng Kordero. Ito lamang ang tanging dako ngayon, kay Cristo. Ang tanging bagay lamang na iyong gagawin ay ang lumapit sa Kanya. Iyon lang ang tanging dako para sumamba. Ganoon na noon pa man. Ang tanging dako lamang para sumamba ay sa ilalim ng ibinuhos na Dugo.

¹⁸⁵ Kaya ngayo'y nakikita na natin ang buong larawan nito na nalalantad sa atin. Hayan nga siya. Kaya nga hindi siya pinapayagan ng Diyos na magturo, hindi siya pinapayagang gumawa ng anumang bagay sa iglesya kundi ang umupo lang na nalalambungan ang mukha.

¹⁸⁶ Ngayo'y nakikita n'yo na ba kung bakit ko nasabi ang mga bagay at nagawa ang mga bagay na aking ginawa, na nalalaman ang lahat ng ito sa aking puso, kapatid na lalaki, mga kapatid na babae? Alam ko, mga kapatid na babae, ako'y . . . may lugar kayo (sandali na lang), at ang kahanga-hangang pag-uugali na maihuhubog ng Diyos sa inyo. Subalit sinisikap ko pa lamang na mangusap tungkol sa kabilang panig, upang ipakita kung saan talaga kayo nanggaling, "sa pasimula." Sinabi sa atin ni Jesus na "bumalik sa pasimula," para makita ito. Iyon ang ginagawa natin.

¹⁸⁷ Ngayon ay kinailangan kong hagipin ang mahahalagang punto ng marami nito, at umaasa akong nauunawaan ninyo ito. At kayong mga tao na makikinig sa teyp na ito, sana ay maunawaan ninyo. Bumalik lang. Ito'y para lang ipakita na

sinabi ni Jesus, “Bumalik, mula sa pasimula, at alamin.” Sa lahat ng mga bagay, bumalik sa pasimula. Makikita ninyo, sa panahong ito.

¹⁸⁸ Aba, ang mga tao, sinasabi nilang ako’y isang galit-sa-babae. Iyan ay malayo sa Katotohanan. Hindi ako galit-sa-babae. Ang tawag nila, “Isang galit-sa-babae!” Alalahanin n’yo, tinawag nila si Pablo na isang galit-sa-babae. Isang babaeng ministro, hindi pa katagalan, ang nagsabi, “Oh, katulad mo si Pablo noon, ang ginagawa lang niya ay pag-initan kaming mga babae.”

¹⁸⁹ Isang banal ng Diyos, na pinahintutulang isulat ang Biblia, ang Bagong Tipan, at makikipagtalo sa kanyang Mga Salita? Sabi niya, “Kung ang isang Anghel na mula sa Langit ay magturo ng iba pa Rito sa sinabi ko na, ay masumpa Siya,” ang kung sinong babaeng mangangaral pa kaya.

¹⁹⁰ Sinabi nila na si Elias daw ay isang galit-sa-babae. Hindi naman siya isang galit-sa-babae, sa mga tunay na babae. Hindi lang niya talaga gusto’yung mga Jezebel.

¹⁹¹ At kung gayon nga iyon, kung gayo’y siguradong ang Diyos ay ganoon din tiyak, sapagkat Siya ang Salita na dumarating sa mga propeta. Kaya tiyak na ang Diyos, ay gayon din, kaya, kita n’yo, alam Niya ang orihinal na paglalang, “mula sa pasimula,” sabi Niya, “mula sa pasimula.” Sila’y mga propeta na dinaratnan ng Salita.

¹⁹² At Kanyang ginawa ang babae para sa lalaki, at hindi ang lalaki para sa kanya. Alam n’yo ba iyon, na, “Ang babae’y ginawa para sa lalaki, at hindi ang lalaki para sa babae”? Ilan ang nakakaalam niyon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Itinuturo iyon ng Biblia. Buweno. Siya’y binigyan ng lugar sa lalaki, bago ang pagkahulog, na kapantay nitong nangingibabaw sa lahat ng mga nilalang. Subalit “pagkatapos” ng pagkahulog, ngayon dito’y tatalakayin na natin ang naturang paksa. Subalit “pagkatapos” ng pagkahulog, ang lalaki na ang kanyang tagapamuno, kailangan na niyang manahimik sa lahat ng bagay, ngayon pagkaraang matapos ng orihinal na pasimula.

¹⁹³ Sabi ni Jesus, “Hindi gayon sa pasimula.” Noon na nagpasimula ang panahon, noong gawin muna ito ng Diyos sa Kanyang orihinal na paglalang. Ang lahat ng nakakaunawa, magsabi ng “amen” na muli. [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sa pasimula ay lumalang ang Diyos ng isang lalaki at isang babae lang. Subalit gayun pa man ang babae ay ginawa na kakaiba sa mga hayop, sa lahat ng iba pang mga hayop, para sa panlilinlang. Ngayon tingnan n’yo ha, “Hindi gayon sa pasimula.” Siya’y ginawa, na kung nanatili siya sa orihinal na kalagayan, hindi sana siya nahulog. Subalit siya ang naging sanhi ng pagkahulog at ng pagkaputol na sumira sa buong tuluy-tuloy na pagkakaugnay ng Diyos, at nagbigay ng

kamatayan, kalungkutan, at lahat na ng iba pa, sa ibabaw ng lupa. Ginawa siyang ganoon.

¹⁹⁴ Ngayon ay pansinin n'yo ngayon “pagkatapos” ng pasimula, pagkatapos ng pasimula, pagkatapos na magsimula ang panahon; bago pa niyan ay ang Walang Hanggan, na natapos na. Pansinin, pagkatapos na magawa ni Eba ang pagkahulog na iyon, pagkatapos ng pagkahulog, kinailangan na namang gumawa ng panibagong tipan. Ngayon ito’y makapagpapatissod sa inyo, ngunit ibibigay ko sa inyo ang Kasulatan upang patunayan na ito ang Katotohanan. Ngayon ay pansinin pagkatapos ng pagkahulog, sabi ni Jesus. . . Ang Diyos, sa pasimula, ay gumawa ng isa na iisang klase; subalit ngayon, pagkatapos ng pagkahulog, ngayon lalampasan pa natin iyon. Ang tipan noon ay magkapantay; ngunit ngayon, pagkatapos ng pagkahulog, may panibagong tipan na ginawa. Ngayon ay hindi na siya tagapamunong kasama ng lalaki, ang bawat isa ay kailangang magkaroon ng hiwalay na tipan.

¹⁹⁵ Ngayon tingnan natin kung tama iyon. Kunin natin ang Genesis 3, at alamin kung tama nga ito, ngayon habang tayo’y nagpapatuloy, sapagkat gusto nating maging sigurado sa mga bagay na ito, na ang mga ito’y itinuro at ipinahayag bilang talagang totoo. Upang sa gayon marahil dito’y may kaunting panahon pa tayo, dahil hindi na tayo gaanong nalalayo sa dulo ngayon, para makapunta sa pagtatapos na bahagi ng naturang paksa, upang ipakita ang kung *bakit* at kung *ano* tungkol sa mga diborsiyo, at iba pa. Ngayon sa Genesis sa ika-3 kabanata, at magsisimula na tayo ngayon sa ika-3, at sa ika-16 na talata. Simulan natin sa ika-14 na talata.

At sinabi ng PANGINOON. . . sa ahas, (ngayon Kanya nang isusumpa ito), Sapagka’t ginawa mo—ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, . . . ng higit sa bawa’t hayop sa parang; at ang iyong tiyan ang iyong ilalakad, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay:

At papag-aalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang binhi ng babae; at ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. (Ang pangangako, na “darating sa pamamagitan ng babae,” ang Mesiyas, para tumubos.)

Sinabi niya sa babae, . . .

¹⁹⁶ Ngayo’y tingnan, ngayon hayan ang tipan sa serpiyente. Na, maayos naman sila bago pa ang pangyayari, sa pasimula, o bago ang pasimula.

Sinabi niya sa babae, pararamihin kong lubha ang iyong mga kalumbayan at ang iyong paglililihi; at manganganak ka na may kahirapan; at sa iyong

asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo, (Hindi na magkapantay pa.)

197 Ngayon nabaliktad na siya, at siya na ang namumuno.

At kay Adan ay sinabi niya, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy, na aking iniutos sa iyo, na sinabi, Huwag kang kakain. . . niyaon: sumpain ang lupa (hindi isinumpa si Adan, ha) sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;

Mga tinik . . . at mga dawag ang isisibol niyaon sa iyo; at kakain ka ng mga pananim sa parang;

At sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan, diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok, at sa alabok ka uwi.

198 Dalawang tipan. Ngayon tinatapos niyon “ang pasimula,” ng kung ano ang sinabi ni Jesus, na “Hindi gayon sa pasimula.” May panibagong tipan na tayo ngayon. Pansinin, ito’y panibagong tipan. Ngayon may tipan para sa produkto, at sa sekondaryang produkto. Pansinin, ang pagkahulog ay nagdulot ng kaguluhan, kamatayan, sa bawat nilalang ng paglalang, na gumawa ng isang pag-iba sa buong kalikasan. Ngayon ating pansinin kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa, “buhat sa pasimula ito’y hindi gayon.” Ngayo’y hindi gayon na na “buhat sa,” kundi sa ngayon ito’y “pagkatapos na” ng pasimula. Ngayon ay may dalawang tipan na.

199 Una ay isang tipan lang, na sina Adan at Eba ay magkapantay, isang lalaki at isang babae. Ngayon ang babae’y nagkasala, at (ano ang ginawa niya?) itinapon silang lahat niyon sa kamatayan, at kinailangang gumawa ang Diyos ng isang tipan dahil doon, na panibagong tipan. Heto ito mismo sa Genesis 3:16, gumawa Siya ng panibagong tipan.

200 Ngayon ang mundo ay kailangan na paramihin muli ang populasyon, hindi sa pamamagitan ng orihinal na paglalang ng Diyos, na gaya noon sa pasimula, hindi na sa pamamagitan ng orihinal na paglalang, kundi sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa. Ngayon natatapos na doon “ang pasimula,” hindi ba? Sa pasimula ay mayroon lamang isang lalaking tao at isang babaeng tao, isang lalaki at isang babae; subalit nang tawirin ng babae ang hangganang iyon at naghatid nitong kasalanan, ngayon ang mundo ay kailangan nang paramihin muli ang populasyon, sa pamamagitan ng pagtatalik, hindi sa pamamagitan ng paglalang; sa pamamagitan ng pagtatalik. Nakikita n’yo na ba kung nasaan na ngayon ang babae, sa ngayon? Subalit sa ganoong paraan napaparami ang populasyon sa sanlibutan ngayon, sa pamamagitan ng mga kababaihan.

²⁰¹ Iyon ang dahilan kaya kinailangan ni Jesus na pumarito sa pamamagitan ng babae, upang ibalik itong muli sa orihinal nitong pasimula, na walang seksuwal na pagnanasa. Ipinanganak Siya ng isang birhen. Subalit, hallelujah, darating ang panahon kung saan hindi na sa pagtatalik, kundi tatawagin ng Diyos ang Kanyang mga anak mula sa alabok ng lupa, katulad nila noon doon sa orihinal, na hindi na sa pamamagitan ng sinumang babae; kundi sa pamamagitan na ng paghulma ng putik at ng mga kosmikong liwanag, at ng petroleum, lilikha Siyang muli katulad ng ginawa Niya kay Adan sa unang pagkakataon. Ginawa ito ni Jesus na posible, sa pamamagitan ng paggawa ng Diyos sa Kanyang Sarili bilang Tao at pumarito sa sanlibutan upang maaari Siyang mamatay, sa pamamagitan nitong babae. Ngayon ang panahon ng pagsubok, sa pamamagitan ng kasalanan.

²⁰² Ngayon ay nakita n'yo na kung gayon, “pagkatapos” ng pasimula, may ibang bagay na napasimulan. Ngayon ikagugulat n'yo ito. Pagod na ba kayo? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Maupo lang nang kaunti pa.

²⁰³ Pagkatapos noong ang dobleng tipan ay ginawa ng lalaki at babae, sa pamamagitan ng pagtatalik, pawang ibang tipan na (hindi na ang orihinal na tipan, kundi panibagong tipan na), ngayon ano na ang napasimulan? Pag-aasawa ng higit sa isa, sa kalahatan. Nang magkagayon, pagkatapos ng pasimula, ang pag-aasawa ng higit sa isa ay nagsimula na pareho sa tao at sa mga hayop; pagkatapos ng pasimula, ng pagkahulog. Ang Diyos ngayon, bilang pangalawa, ay naglagay muli ng bagong kalikasan, sa pamamagitan ng pagtatalik. Nilalang ng Diyos ang una noon nang walang pagtatalik. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon ay panibago na namang pakikipagtipan sa kalikasan, inilagay Niya ito sa panibagong kaayusan, sa pamamagitan ng pagtatalik. Pangalawang tipan: isang lalaki, maraming babae; isang lalaking usa, isang buong kalipunan ng mga babaeng usa. Tama ba? Isang lalaking toro, isang buong kawan ng bakahan, mga baka; isang tandang, isang buong bakurang puno ng mga inahing manok. Tama ba? Isang David, na ayon sa Kanyang Sariling puso, na may limandaang asawa; na may isandaang anak na isinisilang para sa kanya, sa isang taon, ng iba't ibang babae, isang lalaking ayon sa puso Mismo ng Diyos. Isang Solomon, na may isanlibong asawa. Subalit pansinin ngayon, hindi gayon sa pasimula, ngunit ngayon ito'y “pagkatapos” na ng pasimula. Ang babae ang siyang kadahilanan nito, pagkatapos siya'y naging kung ano na lang siya ngayon. Kita n'yo?

²⁰⁴ Si David, ang hari na kumatawan kay Cristo! Tandaan n'yo iyan. Si David ay kumatawan kay Cristo. Naniniwala ba kayo riyon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Si Cristo ay

nakaupo. . .luluklok sa trono nito. At itong si David, isang lalaking ayon sa puso Mismo ng Diyos, ay mayroong limandaang asawa noon. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Si David na may limandaang asawa, si Solomon na may isanlibo. At si Solomon ay anak ni David, sa natural; na kumakatawan kay Jesus Cristo, na siyang anak ni David, sa espirituwal. Subalit 'yun ay sa natural, na buhay sa pamamagitan ng pagtatalik. Ito nama'y magiging espirituwal, nilalang. Bakit? Nilalang. Kita n'yo, ganoon ito noong pasimula, ngunit hindi na ngayon sa buhay na ito na ating ipinamumuhay ngayon.

²⁰⁵ Pansinin, huwag n'yong palampasin ito ngayon, tanggapin ninyong lahat ito sa inyong mga puso. Subalit wala ni isa man sa mga babaeng iyon ang pupwedeng magkaroon ng isa pang asawa. Ang lalaki ang orihinal na nilalang, hindi ang babae. Wala ni isa man sa mga babaeng iyon ang puwedeng magkaroon ng isa pang asawa, pero ang nag-iisang asawang lalaking iyon ay puwedeng makapag-asawa ng isanlibo. Iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyon ang Biblia. Ngayon ako'y bumalik, ginugol ang aking oras at ipinakita ko sa inyo pabalik doon sa kung saan ito nagsimula, kung ano ang sinabi ni Jesus. Ngayon nakikita n'yo na ba ito nang malinaw? Maaari silang magkaroon ng kasindami. . .

²⁰⁶ “Oh,” sasabihin mo, “para lang 'yon sa Israel.” Ganoon nga ba?

²⁰⁷ Noong isama ni Abraham si Sarah doon sa bansa ng mga Filisteo, may isang hari doon na nagngangalang Abimelec. At isandaang taon na noon si Sarah, mismo, subalit siya'y nabalik muli sa pagiging isang bata pang babae at gumanda. Alam n'yo ba iyon? [Sinasaki ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige. At nais ni Abimelec na maging asawa siya. Naaalala n'yo pa ba ang Mensahe ko tungkol dito? Gustong kunin ni Abimelec si Sarah bilang asawa. Maaaring may isa siyang buong harem noon, subalit hindi siya nito puwedeng kunin kung siya'y kasal na kay Abraham. Kaya sinabi ni Abraham kay Sarah, “Sabihin mo na ika'y, ‘aking kapatid,’ dahil papatayin niya ako para mapasa kanya ka.” Bakit hindi na lang nito pinalayas si Abraham mula sa lupaing iyon, at kinuha ang kanyang asawa at magpatuloy? Hindi lamang ito batas sa mga mananampalataya, kundi sa lahat ng mga tao sa sangnilikha. Makasalanan man o isang banal, ika'y mananagot, lalaki, para sa mga gawang ito. May isang paganong hari noon. Ilan ang nakakaalam na ang kuwentong iyon ay totoo? [“Amen.”] Ito'y ang Biblia, sa Genesis, mga ika-16 na kabanata, sa palagay ko.

²⁰⁸ Pansinin n'yo, na kinuha na sana siya ni Abimelec bilang asawa. Inayos na nito ang sarili upang mapasa kanya itong bagong Hebreong babae. At sabi nito, “Ito ang aking. . .” Sabi niya, “Kapatid ko siya.”

Sabi ni Abraham, “Kapatid ko siya.”

²⁰⁹ At sinabi ni Abimelec, “Kukunin ko na lang siya bilang asawa kung gayon.” Maiisip n’yo ba ang isang lalaki’y gagawa ng ganoon? Subalit ginawa niya iyon.

²¹⁰ At pagkatapos noong gabing iyon, habang natutulog na siya, ang Panginoon ay nagpakita sa kanya sa isang panaginip, at sabi, “Abimelec, ikaw ay gaya na ng isang patay.” Pinangangalagaan Niya iyon, ang daloy na iyon ng dugong Judio roon, nakita n’yo. Sabi Niya, “Ika’y gaya na ng isang patay. Kinuha mo ang asawa ng ibang lalaki na pinaghahandaan mo nang pakasalan.”

²¹¹ Sabi nito, “Panginoon, alam Mo ang katapatan ng aking puso.” Sabi, “Hindi ba’t siya rin ang nagsabi sa akin na siya’y kanyang ‘kapatid na lalaki’? Hindi ba’t sinabi pa nito mismo, ‘Siya’y aking kapatid na babae?’”

²¹² Sabi Niya, “Alam Ko ang katapatan ng iyong puso, iyan ang dahilan kaya nga hindi Kita hahayaang magkasala laban sa Akin.” Tama ba? Sabi, “Ibalik mo ang kanyang asawa, sapagkat ang lalaking iyon ay Aking propeta. At malibang ibalik mo sa kanya ang kanyang asawa. . . At hayaan mong ipanalangin ka niya, hindi ng iyong pari. Kung hindi ka niya ipananalangin, ang buong bayan mo ay mapapahamak.” Amen. Hayun ang kamangha-manghang biyaya. Tama. “Ang buong bayan mo ay mapapahamak. Iyan ay asawa ng lalaking iyon, at siya’y Aking propeta.” Amen. Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyan ang Kasulatan. Tama.

²¹³ Ngayon ay nalaman natin, na naidulot ang kamatayan. Kamatayan ang naidulot ng pagkakasala ng babae, nakapasok sa pamamagitan ng babae at hindi ng lalaki. Sa paraan ng kanyang pamumuhay, at sa pamamagitan niya, ay dumarating ang lahat ng kamatayan. Ang paraan niya ng pagbibigay ng buhay ay kamatayan. Ilan ang may alam niyan? Job 14, kung gusto ninyong isulat ang Kasulatan.

²¹⁴ Mayroon ako, kung may tanong kayo rito, may mga naisulat akong Kasulatan sa bawat katiting nito.

²¹⁵ Kung gusto ninyong basahin ang Job 14 doon, sinasabi Nito, “Ang taong ipinanganak ng babae ay sa kaunting araw, at lipos ng kabagabagan.” Tama ba? “Siya’y umuusbong na gaya ng bulaklak, siya’y nalalagas, at naaagnas,” at iba pa. Kita n’yo? Bawat tao na ipinanganak ng isang babae, ay ipinanganak sa kamatayan pagkaluwal na pagkaluwal sa kanya.

²¹⁶ Subalit kapag siya’y ipinanganak sa paglalang ng Diyos, hindi siya maaaring mamatay; siya’y mula roon sa isa pang Punongkahoy na nasa halamanan ng Eden, si Cristo. Ang Buhay na Walang Hanggan ay dumating sa pamamagitan ng naturang Puno.

217 “Oh,” sasabihin mo, “isa siyang puno?” Tiyak nga. “Buweno, sabi nila, ‘Huwag kayong kukuha sa punong ito.’ Sinabi ng Diyos, doon sa Genesis, ‘Huwag kayong kukuha sa punong ito.’”

218 Aba, ang babae ay puno. Siya ay puno na namumunga ng mga prutas. Kayo ang bunga ng inyong ina. Ang bunga ng sinapupunan ay kayo. Siyanga. At sa kabilang dako naman ang bunga ng Puno ng Buhay, na naroon sa halamanan ng Eden, ay si Cristo. Sa pamamagitan ng babae ay dumating ang kamatayan; sa pamamagitan ng Lalaki, sa orihinal na paglalang, ay dumating ang Buhay. Ang maipanganak ng babae ay kamatayan; ang maipanganak kay Cristo ay Buhay. Nakuha n’yo ba ang kaisipan? Doon iyon. Ngayon nakita n’yo na ba kung saan napunta ang mga diyosa, hindi ba?

219 Ang unang Adan at Eba ay tumitipo sa pangalawang Adan at Eba, kita n’yo, ang pagpaparami. Ngayon ang pagpaparami nina Adan at Eba ay sa pamamagitan ng pagtatalik, para kalatan muli ang lupa, subalit hindi gayon sa pasimula. Gumawa lang ng isang lalaki at isang babae ang Diyos, tulad ng ginawa Niya sa iba pang mga nilalang Niya, kita n’yo, legal, katulad lang sa Iglesya.

220 Ngayon tayo’y, sa pagtunghay sa mga pinagtibay na Katotohanang ito ng Diyos, magsaliksik pa nang kaunti, kung nais n’yo. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige. Ngayon maaaring makasakit ito nang kaunti hanggang sa marating natin ang pinag-ugatan nito, subalit ipapakita ko lang sa inyo ang Katotohanan nito.

221 Walang ministro ang maaaring mag-asawa ng isang balo. Alam n’yo na ba iyon? Gusto n’yo bang basahin iyon? Sige, dumako kayo sa mga Levitico, Levitico 21:7 at Ezekiel 44:22, at ipakikita Nito sa inyo na ang mga saserdote ay hindi dapat na mag-asawa ng isang babae na nagalaw na ng lalaki. Ang tipong ito ay tumutukoy sa birheng Nobya ni Jesus Cristo, sapagkat hinahawakan nila ang Apoy ng Diyos, ang mga saserdote, ang mga anak ni Aaron. Wala na tayong panahon pa para basahin Itong lahat, at makalabas pagsapit ng tanghali, mayroon pa tayong dalawampung minuto. At sila’y mga anak ni Aaron na humahawak sa—sa—sa Apoy ng Diyos, kaya hindi sila maaaring mag-asawa ng isang babae na nagalaw na ng ibang lalaki. Sinabi iyon ng hindi nagbabagong Diyos. Hindi sila puwedeng mag-asawa ng iba pang babae, at isang babae na nagalaw na ng isang lalaki, na ipinapakita bilang tipo rito, kung gusto n’yong makita ito, na ang Iglesya ng buhay na Diyos ay puro, dalisay, na Salita ng Diyos, at hindi isang denominasyon na nahawakan na ng tao.

222 Alalahanin, basahin natin ito rito. Gusto kong maiparating ito sa inyo. Mateo 5, nangusap dito si Jesus tungkol sa isang bagay na talagang napakahalaga. Gusto nating makita ito, Mateo 5. Isinulat ko sa aking . . .

223 Minarkahan ko ang ilan sa mga bagay na sasabihin ko para lang sa lalaki, kaya medyo nag-alangan lang na sabihin ito sa harap ng mga kapatid nating babae. Subalit gusto ko na—na dumako na rito ngayon bago . . .

224 Ngayon, kapatid na babae, gusto kitang ilagay sa isang lugar na ipinangako ng Salita ng Diyos sa iyo, at tiyakin mo pagkatapos na manatili ka sa lugar na iyon, din.

225 Mateo 5:32. Gusto kong pansinin n'yo rito, upang suportahan ang ganito ring pananaw tungkol sa “isa” at “marami.” Mateo, tatlumpu- . . . Sa palagay ko ito’y Mateo 5:32, umpisahan sa 31.

Sinabi rin naman, Ang sinomang lalake na ihawalay na ang kaniyang asawa, ay bigyan niya siya ng kasulatan ng paghiwalay:

226 Iyon ay si Jesus na nangungusap, Yaong nagsabi, “mula sa pasimula.” Ngayon masdan.

Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, Na ang sinomang lalake na ihawalay ang kaniyang asawa, liban . . . lamang kung sa mga pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya’y nagtutulak sa pangangalunya; . . . (kita n’yo) sinomang lalake na ihawalay ang kaniyang asawa, liban . . . lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya’y nagtutulak sa pangangalunya: (bakit? mag-aasawa siyang muli) at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihawalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya.

227 Kita n’yo, may asawa siya na buhay pa, kaya walang lalaki na puwede siyang pakasalan. Wala akong pakialam kung anuman ang kanyang gawin at maging sinuman siya, may asawa siya na buhay pa, wala siyang maidadahilan sa anumang paraan. Subalit, ito’y hindi, para sa asawang lalaki. “Nagtutulak sa babae,” hindi sa lalaki. Nakuha n’yo ba? Kailangang tuluy-tuloy na mapag-ugnay-ugnay mo ang Salita. Kita n’yo, walang nakasaad na hindi puwede sa lalaki, kundi hindi puwede sa babae. Kita n’yo, “nagtutulak sa babae,” hindi sa lalaki. Iyan ang eksaktong sinasabi ng Biblia, “nagtutulak sa babae.” Hindi nakasaad laban sa lalaki na mag-asawang muli, kundi sa “babae.” Bakit? Si Cristo sa tipo.

228 Pansinin, nakasaad na hindi makapag-aasawang muli ang lalaki, kundi sa isang birhen lang. Makapag-aasawa siyang muli. Puwede siya, makapag-aasawa siyang muli kung ito’y isang birhen, subalit hindi siya makapag-aasawa ng asawa ng iba. Hindi talaga. At kung siya nga’y mag-aasawa ng isang diborsiyada, namumuhay siya sa pangangalunya, wala akong pakialam kung sinuman siya. Ang sabi ng Biblia, “Ang sinomang mag-asawa sa babae na hiniwalayan na, ay namumuhay sa pangangalunya.” Hayan nga, hindi maaari kapag mga diborsiyada.

229 Nakikita n'yo na ba 'yung orihinal doon noon, “mula sa pasimula,” ngayon? Ang makapag-asawang muli, ngayon pansinin, puwede sa lalaki, ngunit hindi puwede sa babae. Katulad noon ni David, tulad noon ni Solomon, tulad sa tuluy-tuloy na pagkakaugnay-ugnay ng buong Biblia, ngayon, katulad kay David noon at sa iba pa sa kanila.

230 Ngayoy pansinin n'yo sa Unang Mga Taga Corinto 7:10, pansinin, ipinag-uutos ni Pablo sa babaeng may asawa, na makikipaghiwalay sa kanyang asawa, na manatiling mag-isa o makipagkasundo, hindi mag-asawang muli. Kailangan niyang manatiling mag-isa, o makipagbalikan sa kanyang asawa. Hindi siya maaaring mag-asawang muli. Kailangan niyang manatiling mag-isa, ngunit, pansinin n'yo, wala siyang nabanggit tungkol sa lalaki. Kita n'yo, hindi mo puwedeng gawing magsinungaling ang Salita. “Mula sa pasimula,” ang batas panseksuwal sa pag-aasawa ng higit sa isa. Ngayon, ang Salita ng Diyos ay umiiral nang totoo sa kalikasan ng Diyos, kumikilos na tuluy-tuloy na magkakaugnay.

231 Nakikita n'yo na ba kung paano na may isang grupo ng kaisipan na gumawi ng silangan, at ang isa naman ay napasa kanluran, tungkol dito? Kailangan mong bumalik sa Katotohanan, upang malaman kung ano ito.

232 Ganoon na ito noon pa man, iyan ang regular na tipan sa Diyos mula pa sa pasimula. *Una*, bago ang pasimula, mula sa pasimula mayroon lang isa at isa. *Pagkatapos* na makapasok ang kasalanan, nagkaroon na pagkatapos ng isang lalaki at isang grupo ng mga kababaihan; umiral na nang ganoon sa kalikasan, bawat hayop, at mga tao at ang laman na natural ay hayop. Tayoy mammal, alam natin iyon, lahat tayo, kita n'yo, at ito lahat ay kalikasan ng Diyos na magkakaugnay.

233 Subalit ngayon na nabuksan na ang Mga Selyo, idinidirekta na tayo ng Espiritu ng Katotohanan sa Salita. Iyan ang nagpapaliwanag sa lahat ng mga pagkakamali sa mga kapanahunang nagdaan, sapagkat ang Mga Selyo ay hindi pa nabuksan noon, hindi pa Ito naipahayag. Totoo 'yon.

234 Pansinin, kayo, hindi n'yo mapamamalian ang mga anino. Katulad ng ipinangaral ko sa inyo kagabi tungkol sa aninong nasa sahig, lalabas at lalabas ito nang tama. Paano magkakaroon ng anino ng elepante sa sahig, at ang isang maliit at payat na lalaki ay lalabas na siya pala ang naturang elepante, o kaya nama'y ang elepante na maging isang maliit at payat na lalaki?

235 Ngayon kung mapapansin n'yo ito na ganap ang pagkakatipo.

236 Ngayon, may isang tunay na babae, isang tunay na babae, na birhen, na pinakakasalan ang kanyang asawa, at namumuhay, at siya'y isang pagpapala sa lalaking iyon. Kung makapagbibigay

ang Diyos sa Kanyang anak na lalaki ng anumang bagay na mas mainam pa kaysa sa isang asawa, ibibigay Niya iyon sa kanya.

²³⁷ Subalit siya'y dinisenyo para maging isang gawang seksuwal, at wala nang iba pang hayop ang dinisenyong tulad niyon. Wala nang iba pang nilalang sa lupa ang dinisenyo nang ganoon. Iyan ang dahilan kaya nakakakita kayo ng mga pag-aasawa ng higit sa isa, dahil doon. Iyon ang nagdulot nito.

²³⁸ Ngayon tingnan n'yo, sa panghuling pag-aanalisa, tingnan, may isang Jesus Cristo (tama ba?) isang Lalaki, ang Diyos, ang Emmanuel. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Subalit ang mga kabahagi ng Kanyang Asawa ay marami, kita n'yo, libu-libong ulit ng libu-libo (tama ba?), ang Kanyang Asawa, ang Nobya, ang Iglesya. Nauunawaan n'yo na ba ngayon? [Amen.]

²³⁹ Kaya nga Niya sinabi kay Adan, bago pa man magkaroon o maipakilala ang pagtatalik, "Magpakarami, para kalatan ang lupa," noong nasa pasimula pa lang siya, noong kapwa pa siya lalaki at babae sa kanyang sarili. Doo'y, ipinapakita kung gayon na ang Nobya ay kailangang manggaling sa Salita, sa pamamagitan ng espirituwal na pagpaparami, mga pagpaparami, kita n'yo, sa pagpuno muli sa lupa.

²⁴⁰ Ngayon sa pagtatalik, kita n'yo, napaghalo ng mga grupo ng kaisipan na iyon ang dalawang bagay na iyon. Kung kaya't hindi mo ito magagawa, kailangan mong ibalik ito sa Katotohanan nito, "sa pasimula."

²⁴¹ At sa bandang huli ay magkakaroon ng isang Panginoong Jesus, at ang Kanyang Nobya ay marami, na bilang isa. Nakuha n'yo ba? May isang David sa isang trono, isang hari (ayon sa puso Mismo ng Diyos) na may limandaang asawa. Si Jesus na nakaupo sa Kanyang Trono, hallelujah, sa Milenyum, na may isang Asawa; katulad noon sa pasimula, na nilalang mula sa lupa, sa pamamagitan ng kamay ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa pagkabuhay na mag-uli, na binubuo ng maraming bahagi. Hayan nga.

²⁴² Mga kababaihan, pagsikapan n'yo na maging ganoon, lumapit kay Cristo, kung magkagayo'y hindi kayo mapapasa ganyang nakarimirim na karumihan diyen. Subalit hangga't niyembro lang kayo ng iglesya na nagsisikap na mamuhay nang moral at mabuti, sa inyong sarili, hindi ninyo iyon magagawa. Maging ang isang lalaki man ay hindi magagawa ito na labas kay Cristo. Gaya nga ng sabi ni Pablo, "Subalit sa mga na kay Cristo, wala nang lalaki o babae man." Silang lahat ay iisa.

²⁴³ Ngunit para maituwid itong *Pag-aasawa At Diborsiyo*, upang malaman n'yo kung alin ang tama at kung alin ang mali, ngayon ay malinaw Niyang ipinapakita rito sa mga tipo na ito. May isang Cristo; at maraming kabahagi ng Asawa na iyon. Pansinin, maaari Niya tayong hiwalayan dahil sa espirituwal

na mga pangangalunya at bulaang doktrina, anumang oras na ibigin Niya; ngunit gaano ka kapangahas na subukang hiwalayan Siya, at ligtas ka pa rin? Maaaring hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa at mag-asawa ng panibago; pero hindi maaari sa babae na hiwalayan ang kanyang asawang lalaki at mag-aasawa ng panibago. Nakikita n'yo bang lahat ng mga anino at pagtitipo roong ganap na nasa balanse? Nakikita n'yo na ang orihinal na paglilikha; wala kahit saan doon ang sekundaryang produkto. Hindi ang iglesya; ang Nobya sa pamamagitan ng Salita. Hindi ang babae; ang lalaki, sa bawat panahon. Kaya nga walang sinasabing anuman laban sa lalaki sa paggawa ng ganoon; laging ang babae. Eksakto talaga.

²⁴⁴ Subalit maaari siyang maging ang Nobya ni Cristo, sa pagiging. . . At alalahanin, siya bilang bahagi ng isang lalaki, sinabi ng Biblia na siya'y maaari la- . . . "Gayunma'y hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, o magkaroon ng anumang pamumuno, kundi tumahimik. Sapagkat si Adan ang unang nilalang, at pagkatapos ay si Eba. At si Adan ay hindi nalinlang, kundi ang sekundaryang produkto ng nalinlang. Ngunit iligtas siya *kung* siya'y magpapatuloy sa kabanalan at pagkamahinahon, at sa panganganak, at sa lahat ng gayon," sapagkat siya pagkatapos ay magiging bahagi na nitong lalaki. Iyon ang nagdudulot. . .

²⁴⁵ Bakit si Abraham ay hindi. . . Bakit hindi pinatay ng Diyos si Sarah noon na nakaupo mismo roon, na tumatangi, at nagsisinungaling mismo sa harap ng Diyos? Na nakaupo roon bilang isang mortal na Tao, na kumakain ng karne, kumakain ng tinapay, umiinom ng gatas, at sabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah doon sa likod," sa likod Niya, sa loob ng tolda, hindi pa Niya nakita ito, "na sinasabi ang ganito, 'Paano mangyayari ang mga bagay na ito?'"

²⁴⁶ Sabi nito, "Hindi ko talaga sinabi iyon!" Uh-oh, naku, sabihin sa Diyos na sinungaling Siya, sa Kanyang mukha? Subalit hindi Niya ito magagawang patayin. Bakit? Siya'y bahagi ni Abraham. Amen. Hindi Niya ito masasaktan nang hindi masasaktan si Abraham.

²⁴⁷ Ngayon tingnan ninyong mga kababaihan kung saan ang lugar n'yo. At ang sabi ng Biblia, "Kayong mga babae ay sikaping maging katulad ni Sarah noon, na ginayakan ang kanyang sarili sa mahinhing kasuotan, namuhay nang tapat at totoo sa kanyang sariling asawa, na minamahal ito nang labis na siya. . . si Sarah ay tinawag siya na kanyang 'panginoon,'" tagapamuno, na nagmamay-ari.

²⁴⁸ At kayo, ang ilan sa mga kababaihan, ay isinusuot itong mahahalay na mga damit at lalabas dito para iparada ang inyong sarili sa harap ng mga kalalakihan. Ang sabi ni Jesus, "Ang bawat tumingin sa isang babae na may mahalay na pagnanasa sa

kanya ay nagkakasala na ng pangangalunya kasama ng babaeng iyon sa kanyang puso.” Kung gayo’y sino ang may sala, ang lalaki o kayo? Siya ay isang lalaki, ginawa para magawa ang ganitong akto, kita n’yo; at kayo ang babae, na dapat na tumanggi.

249 At bakit n’yo inilalantad ang inyong sarili nang ganyan? Hindi iyan para mapreskuhan, alam na ninyong hindi iyon maaaring ganoon, gayong kayo’y halos mamatay na nga sa lamig na suot-suot ang mga shorts na ’yan. Kita n’yo, hindi iyon maaaring para mapreskuhan. Kung gayo’y ano ito? Ito’y para sa kalaswaan! Hindi n’yo ito aaminin, subalit ang Biblia ang may sabing ganoon. Ito ang Katotohanan. Isang malaswang espiritu ito na nasa inyo. Ayaw ninyong maging malaswa; subalit hindi ninyo napagtatanto, na malaswa kayo sa espirituwal, sapagkat inilalantad ninyo ang inyong sarili na malaswa.

250 Ngayon, ang lalaki, sa kanyang matandang, maruming, mabuko na tuhod, at kung halos wala man siyang suot na damit, ay walang magagawang anumang diperensiya, hindi nakakatukso ang kanyang katawan. Bakit? Siya’y nasa orihinal na paglalang, pag-uugali; talaga nga, kita n’yo. Subalit, kayo ang sekondaryang produkto, para makapanukso.

251 Diyos, mahabag Ka! Oh, naku, talagang itong makasalanang sanlibutan! Matutuwa ako kapag ito’y nagwakas na.

252 Pansinin, puwede Niyang hiwalayan ang Kanyang asawa anumang oras Niya ibigin, subalit hindi nito puwedeng hiwalayan Siya; puwede Niyang gawin sa akin, maaari Niya akong itapon sa alabok anumang oras Niya maisipan, subalit, oh, kapatid, huwag ko talagang subukan na itapon Siya roon, kundi ay tapos na ako.

253 Si Solomon ay makapag-aasawa ng sinumang babae na hindi pa kasal, maaari niyang mapangasawa ang sinumang babaeng ibigin niya. Ang isang saserdote ay makapag-aasawa lang ng isang babaeng birhen. Si Solomon . . .

254 Katulad ni David, pinakasalan niya (ano nang pangalan niya?) si Abigail. Na noon, may isang lalaki na itinuturing na isang “hangal,” may mabuti siyang asawa, at siya’y namatay. At ikinasal si Abigail kay David; isa siyang hari, hindi saserdote, kita n’yo, kaya siya—pinakasalan niya.

255 Subalit hindi puwedeng gawin iyon ng isang saserdote, sapagkat nagalaw na niya o kumuha ng isang babae para maging kanyang asawa na naging asawa na noon ng ibang lalaki. Kaya ipinapakita niyon ang pagiging birhen ng Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo, ang Nobya ay kailangang maging dalisay, ang Salita, na wala ni isa mang Salitang nawawala saan man. Tiyak nga. Maiisip n’yo ba ang isang tamang nobya, na wala ang isang dibdib, at, ang isa naman, may kung ano pang mali, alam n’yo na? Hindi ganoon ang magiging Nobya ni Cristo. Siya’y sakdal.

Siya'y ang buong Salita, hindi nagkukulang ng isa mang Salita saan man. Hindi.

²⁵⁶ Pansinin, puwede Niya itong hiwalayan, subalit hindi nito puwedeng hiwalayan Siya. Ginawa na Niya ito, pinatunayan na ito, noong panahon na sina Luther, Wesley, at ang Pentecostal, noong tumanggi silang maging mas malalim na kabahagi Niya sa pagkakaroon ng espirituwal na seksuwal na ugnayan upang mabuntis ng mas malalim na bahagi ng Salita. Nauunawaan n'yo ba? Siya'y tumanggi. Tumanggi ang iglesyang Lutheran para kay Cristo na magkaroon ng anupamang pagnanasa sa kanya; tinanggihan ito ng Luther. At hayaan n'yong sabihin ko ito, tatawagin pa rin naman ako ng kung ano ano't anuman; gayon din naman ngayon sa bawat isa sa kanila, nabigo silang tanggapin ang Salitang iyon, tinatanggihan nila si Cristo!

²⁵⁷ At sinumang babae na tumanggi sa isang asawang lalaki na anakan siya nito, ay walang karapatan na maging asawa nito. Amen. Naaalala n'yo ba, sa Biblia, noong pinakasalan ng hari si Esther? Dahil sa tumanggi ang reyna noon, siya'y kumuha na lang ng panibago. At nang ang. . .Ano'ng nangyari noong tumanggi siyang pumunta sa hari at sumunod sa kanya? Gayun din sa isang babae na tumatangging maging kabiyak sa kanyang asawa.

²⁵⁸ At ganoon din sa iglesya na tumatangging mabuntis sa panahong kinabubuhayan natin, para magluwal ng mga anak ng panahong ito. Hindi tayo mga Lutheran, hindi tayo mga kay Wesley, ni hindi rin tayo mga Pentecostal! Kinakailangan nating maging mga anak ng kapanahunang ito, sa pamamagitan ng pagbubuntis ng Salita ng Diyos, para magluwal ng isang Anak ng kapanahunang ito, ang Binhing Anak. Amen. Umaasa akong nauunawaan n'yo. Hindi gustong magpabuntis, hindi, kaya ano ang Kanyang ginawa? Hiniwalayan ito, bilang pakikipagdiborsiyo. Siyanga. Subalit hindi ito mangangahas na hiwalayan Siya. Kanya itong hiniwalayan.

²⁵⁹ Nagpatuloy Siya sa paghahayag ng Kanyang Salita sa Katawan, at na pinapatotohanan Siya, na di-nagbabago, sa pamamagitan ng Kanyang Sarili. Ang Kanyang mga anak ay nag-uumpisa nang maging para bang lalong kamukha na Niya, sapagkat Ito'y nagiging husto na sa gulang, o, sila'y nagiging mga anak na ng Salita, hindi na mga anak ng iglesya. Mga anak ng Salita! At ang Nobya ay magiging isang kaaya-ayang munting Binibini ng Salita, na dalisay, na hindi nagalaw ng anumang organisasyon ng tao, anumang gawang-tao na teoriya. Siya'y magiging purong walang halo, na Nobya ng Salita! Amen at amen! Umaasa akong nauunawaan n'yo iyon, diyan sa pagsasahimpapawid. Siya'y magiging ang buntis na anak na babae ng Diyos.

260 Nakita n'yo na kung magiging gaano kalaking karangalan ang isang babae? Nakita n'yo na kung magiging gaano kalaking bagay ang iglesya, subalit nakita n'yo rin ba kung saan siya dinala ng kalaswaan? Pagkatapos subukan n'yong ikumpara ang iglesyang iyan diyan sa Iglesya rito, hindi maaari. At subukan n'yong ikumpara ang patutot sa kalye sa Iglesya ng Diyos na buhay; o kaya nama'y ang babae, ang matuwid na babae, sa isang patutot?

261 Bakit may ganoong mga bagay? Ito'y batas ng Diyos, ang batas ng salungatan. Paano natin malalaman kung paano ang masiyahan sa liwanag ng araw kung walang gabi? Paano natin malalaman kung paano ang masiyahan sa tuyong klima kung wala namang ulan? Paano natin malalaman ang matuwa at gumalang sa isang tunay na babae, kung walang isa na marumi?

262 Nagpatuloy na inihahayag Ito, inihahayag ang Kanyang Salita, subalit huwag mangahas ang sinuman sa atin na sumubok na hiwalayan Siya at mag-asawa ng panibago.

263 Ngayon tiyak nang malinaw kung bakit parehong mali ang naturang mga teoriya. Hindi mo ito mapatatakbo sa *gawing ito*, ito'y wala na; patakbuhan mo ito nang *paganoon*, tatakbo ito nang diretso palampas sa pangako. *Heto* ang pangako, heto na ang naturang bagay rito mismo. Ang Salita ay dinagsasalungatan. Kailangan nitong manatili sa tuluy-tuloy na pagkakaugnay ngayon, sa kung paanong hindi rin sinasalungat ng Mateo 28:19 ang Mga Gawa 2:38.

264 Ngayon, ang ilan sa inyo na mga babae, ang ilan sa inyo na mga lalaki, ako—alam kong kayo'y—kayo'y hindi sumasang-ayon Dito. Sapagkat, alam n'yo, hindi n'yo maitatago iyan ngayon mismo. Hindi n'yo maitatago.

265 Subalit hayaan n'yo lang na ipakita ko sa inyo ang isang bagay. Kung sinabi ng Mateo 28:19, "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo," at pagkatalikod nila, at angawat taong nabautismuhan ay nabautismuhan nang salungat diyan, nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, maging sa loob ng buong kapanahunan ng Biblia at sa loob ng tatlong daang taon pagkatapos ng kapanahunan ng Biblia, hanggang sa Konseho ng Nicaea. Pagkatapos noon ay mga dogma na ang ginamit nila sa halip. Ano kaya ang pagkakaiba, kung hindi ito naipahayag?

266 At alam n'yo ba na ang buong Aklat, ang buong Biblia, ay isang kapahayagan? Sa ganyan n'yo dapat malaman ang katotohanan sa pagitan ng isang ito at ng iba pa, ito'y sapagkat isa Itong kapahayagan. At ang kapahayagan ay kailangang maging eksakto sa Salita, hindi sumasalungat sa Salita. Sasabihin mo, "Buweno, ako, ipinahayag ito sa akin."

Pagkatapos kung salungat ito sa Salita, hindi ito kailanman galing sa Diyos. Siyanga.

²⁶⁷ Ngayon kung gusto ninyong ipagpahalimbawa ang Mat- . . . Mateo 16:18. Sabi ni Jesus, Mismo, na ang buong Iglesya, ang Kanyang Iglesya, ay itatayo sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan ng Kanyang Sarili, na siyang Salita. “Sinasabi Ko sa iyo, na ikaw ay Pedro. . . At hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at ng dugo, kundi ng Aking Amang nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito. . .”

²⁶⁸ Ngayon, alam ko, na ang ating mga Katolikong kaibigan diyan, sinasabi n’yo, “Ito’y itinayo kay Pedro, at si Pedro na apostol, kaya, si *Ganito-at-ganoon*, sa isang apostolikong pagpapahintulot, sunud-sunod na pagkakahalili.”

Sabi ng mga Protestante, “Ito’y itinayo kay Jesus Cristo.”

²⁶⁹ Hindi para maiba, subalit kunin n’yo lang kung ano ang sinabi Niya! Sabi Niya, “Hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at ng dugo, kundi ang Aking Amang nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito” (ang espirituwal na kapahayagan kung ano ang Salita) “ay itatayo Ko ang Aking Iglesya; at hindi Ito maibubuwal kailanman ng mga pintuan ng hades.” Ang Kanyang Asawa ay hindi matutukso sa ibang lalaki. “Itatayo Ko ang Aking Iglesya, at hindi Ito kailanman mayayanig ng mga pintuan ng hades.”

²⁷⁰ At sina Abel at Cain noon, sa halamanan ng Eden. Gumawa si Cain ng sarili niyang kaisipan, sabi niya, “Ngayon, tingnan mo, ang Diyos ay isang mabuting Diyos. Siya’y nasa lahat ng kalikasan, kaya kukunin ko ang mga sitaw at mga patatas, at kukunin ko ang—ang mga bulaklak, at igagawa ko Siya ng isang talagang magandang altar.” Iyon ay isang iglesya. Lumuhod siya. Sumampalataya siya sa Diyos. Sumamba siya sa Diyos, itinaas niya ang kanyang mga kamay, at inialay ang haing ito. Ginawa din niyang lahat ang pagiging relihiyoso na ginawa ni Abel.

²⁷¹ Gumawa si Abel ng ganoon ding uri ng altar. Subalit nang dalhin ni Abel ang sa kanyang hain, nagdala siya ng isang tupa. Ngayon, inakala ni Cain, na para makagawa ng panlunas sa kasalanan, ang kanyang ama at ina ay kumain marahil ng bunga, na gaya ng itinuro sa kanila sa halamanang iyon. Subalit si Abel, sa pamamagitan ng Makalangit na kapahayagan, ay nalaman na ang dugo ang may kagagawan nito. Sa pamamagitan ng Makalangit na kapahayagan! At sinabi ng Biblia sa Mga Hebreo, sa ika-12 kabanata, ika-11 kabanata, na, “si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya,” (ng kapahayagan) “ay naghandog sa Diyos ng mas mainam na hain kaysa kay Cain, na pinatotohanan ng Diyos na siya’y matuwid.” Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Amen! Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ito’y kasinlinaw ng kahit anumang, para sa akin. Hayan nga ang buong bagay.

272 Ngayon tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, kita n'yo, ito'y kailangang mahayag. Hanggang sa mahayag ito, hindi n'yo ito alam. Subalit ipinangako Niya na sa mga huling araw na ito, sa kapanahunang ito, na ang bawat natatagong hiwaga sa Biblia ay mahahayag. Ilan ang nakakaalam niyan? Apocalipsis, sa ika-10 kabanata! Ipinangako ito ni Jesus, na ang lahat nitong mga natatagong hiwaga tungkol sa—tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, ang lahat nitong iba pang mga natatagong hiwaga noon pa man, ay mahahayag sa huling panahon. Ngayon ay alalahanin n'yo, na sinabi ng Tinig, “Pumunta ka sa Tucson.” Naaalala n'yo pa ba ang mahiwagang Liwanag na iyon sa kalawakan; ang ikapitong Anghel na nakatayo noon doon; nagbalik, at ang pagbubukas na ng Pitong Selyo? Pagmasdan n'yo kung ano na ang nangyari. Totoo 'yon.

273 Ngayon kaunti na lang. Ngunit ngayon, dinggin n'yo! Alam kong malapit na ang oras para kayo'y kumain na, pero ako'y kumakain na nang mainam. [Sinabang kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

274 Pansinin, ngayon, may lugar ang babae, at isa siyang hiyas. Si Solomon, ang lalaking ito na nagkaroon ng sampung libong asawa . . . o nagkaroon ng isanlibong asawa, pala, sinabi niya na, “Ang isang lalaki na nakasumpong ng asawa, ay nakasumpong ng mabuting bagay.” Sabi niya, “Ang isang mabuting babae ay hiyas sa kanyang korona,” ’yun ay isang karangalan. “Subalit ang isang masama ay tubig sa kanyang dugo,” ganyan na ang magiging buhay niya. Sabi niya, “Maaaring may isang matuwid na lalaki na matatagpuan sa isanlibo,” sinabi ito ni Solomon, “subalit,” sabi, “hindi ka makasusumpong ng isang matuwid na babae sa isanlibo.” Sinabi iyon ni Solomon, kita n'yo. Ngayon pansinin n'yo iyon, ganoon nga ito.

275 Subalit, nakita n'yo, babae, ikaw ay—ikaw ay isang hiyas kung gusto mong maging hiyas, pero ang paghahangad ay kailangang manggaling sa iyo. At nakita n'yo na kung bakit ang *Pag-aasawa At Diborsiyo* ay ganoon, na tinukoy ni Jesus ang noon, ito'y sapagkat ang uri n'yo ang naging sanhi ng lahat ng kasalanan. Iyon ang dahilan kaya ang pag-aasawa ng higit sa isa at ang paghihiwalayan, at ang gayong mga bagay, ay umiral. Sa pasimula ay hindi gayon, at hindi magiging ganoon sa mundong darating.

276 Tingnan n'yo si Jacob, kung kanino lumabas ang mga patriarka. Nagkaroon siya ng hindi bababa sa isang dosenang asawa. Pinakasalan niya ang dalawang magkapatid, at may mga asawang-lingkod pa siya bukod doon, mga legal na asawa na kanyang kapisan. At ang mga patriarkang iyon ay ipinanganak mismo mula sa kanyang naturang mga asawang-lingkod. Tama ba? [Sinabang kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n'yo, kailangan mong patakbuhin ang Salita nang tuluy-tuloy.

277 Oh, may mga pahina pa ako tungkol sa mga ganoon. Kung tatanungin man ako ng isang ministro hinggil dito, at maghaharap kami, puwede naming pag-usapan ito. Subalit sigurado, na kung mayroon man siyang pagka-espirituwal, makikita na niya mismo rito na ito ang Katotohanan. Walang pag-aalinlangan Dito.

278 Ang mabuting babae ay isang mabuting bagay. Alam ko iyon. Nalalaman ko ito sa mga tunay na babae. May mga nakilala na akong tunay na mga babae na tapat, sadyang kasintapat ng sinumang lalaki na nabuhay kailanman.

279 Siya'y isang sekondaryang produkto at isang bahagi ng lalaki, at sa pagkahulog noon ay nakinig ito sa kanya. Ang lalaki lang...Bahagi siya ng lalaki. Pero, nasa sa kanya, ginawa siya na siya'y maging malaswa, at binigyan siya ng karapatang tumanggi o tumanggap. Iyon ay salungat sa orihinal na kalikasan sa pasimula, kita n'yo, ngunit hayan na nga.

280 Ngayon ay alas-dose na, kaya lalaktawan ko na lang ang isang bagay rito sa loob ng ilang minuto. Gusto ko kayong tanungin ng isang bagay.

281 Ngayon, tandaan, sinasabi ko ito sa grupo ko lang. At diyan sa himpapawid, sinasabi ko ito sa mga sarili kong tagasunod lang. Ang Mensaheng ito ay para lang sa kanila, at kung ano pa man ang sasabihin ko rito.

282 Sinumang ministro, siya, sa kanya iyon, oo, siya ang pastol ng kawan, hayaang gawin niya anuman ang ibig niya. Nasa pagitan na niya iyon at ng Diyos. Sinumang pari, sinumang mangangaral, nasa sa inyo na iyan, kapatid ko.

283 Nagsasalita lang ako rito sa Jeffersonville, ang tanging lugar kung saan ko sasalitain ito, dahil sarili ko itong kawan. Ito ang kawan na sa pagkakaunawa ko'y ibinigay sa akin ng Banal na Espiritu para pangasiwaan, at pananagutin Niya ako para dito. At ang mga tao kong ito ay mga naakay rito mula pa sa buong bansa, na inakay ko kay Cristo. At, munting mga anak, narito ako para tulungan kayo, at ako'y inyong kaibigan. Iniisip n'yo marahil na nangungusap ako nang laban sa inyo; sinasabi ko ito, kita n'yo, para sa ikabubuti ninyo. Mahal ko kayo. At kung hindi nga ganoon, ang Diyos ang aking Hukom. Alam n'yong mahal ko kayo.

284 Ito'y isang napakatinding bagay, hindi ko alam kung paano ito ipahahayag. Ano ang gagawin ko, gayong mayroon akong mga lalaki at mga babaeng nakaupo sa aking kongregasyon, na ang iba sa kanila ay naikasal na ng dalawa o tatlong beses? Mga mabubuting lalaki at mabubuting babae, lahat ay nagkakandalitu-lito na! Ano ang may gawa nito? Maling turo, ganoon nga, hindi naghihintay sa Panginoon.

285 "Ang pinagsama nga ng Diyos, ay huwag papaghiwalayin ng tao." Hindi ang pinagsama ng tao; ang pinagsama ng

“Diyos”! Kapag nagkaroon ka ng direktang kapahayagan mula sa Diyos, na iyan ay iyong asawa, at ganoon nga, sa iyo nga ‘yan, sa buong buhay mo. Kita n’yo? Pero ang pinagsama ng tao, ay mapaghihiwalay ninuman. Subalit ang pinagsama ng Diyos, walang sinuman ang dapat na mangahas na makialam dito. “Ang pinagsama ng Diyos,” sabi Niya, “ay huwag papaghiwalayin ng tao.” Hindi ang pinagsama ng kung sinong medyo lasing na mahistrado o ng kung anong iba pa, o isang tumalikod na sa pananampalataya na mangangaral na dala-dala ang isang bungkos ng mga kredo sa isang libro, na hahayaan sila nitong gumawa ng anumang bagay sa sanlibutan, at nariyan lang mismo ang Salita ng Diyos. Kita n’yo? Ang sinasabi ko’y kung ano ang pinagsama ng Diyos.

²⁸⁶ Ngayon ay sasabihin ko sa inyo ito. Ako’y lubhang maingat sa kung ano ang sinasabi ko sa inyo. Hindi ko ibig na maging magaspang sa inyo na mga tao. Hindi ko ibig na maging magaspang sa inyo, mga kapatid kong pastor. Hindi ko sinasadya iyon. Subalit mananagot ako, na nalalaman na ito’y inilagay sa aking mga kamay. At kung. . .Hindi ko Ito kayang pigilan. Hindi ko alam kung paano ko Ito maipaparating, at alam ko na maipaparating iyon ng teyp na ito. Oh, naku, basta maghahanda na ako, pagbukas ng opisina, dahil hayan na ito. Kita n’yo?

²⁸⁷ Katulad na lang noon sa *Ang Binhi Ng Serpiyente*, subalit ganap na itong napatunayan na tama. May mga diyaryo ako rito, mula sa diyaryo, kung saan ang mga babae ngayon. . . at maging sa—sa malalaking. . .Ang ilan sa mga malalaking diyosis ay may mga larawan ng orihinal, isang ahas na gumagapang sa hita ng isang babae, at sadyang kung paano ito pumupulupot sa kanya; nagkakaroon siya ng lahat na ng uri ng mga sensasyon at gayong mga bagay, isang bagay na hindi siya mahipo nang gayon ng isang lalaki, habang nakapulupot ang malaking ahas na ito sa kanya, at mga ganun. Iyan ang eksaktong katotohanan. At palala na ito nang palala, at lalo pang lalala. Ang serpiyente, na hindi naman siya. . .hindi niya magagawang sipingan siya noong isa na siyang serpiyente, subalit alalahanin. . .

²⁸⁸ Nakikipagdebate ako noong isang araw sa isang. . .hindi naman debate, isa lamang ministro ng Assembly of God at kamanggagawa, sabi, “Mali ka, tungkol Diyan.”

Sabi ko, “Buweno, maaaring mali ako. Gusto kong sabihin mo sa akin.”

²⁸⁹ Sabi niya pagkatapos, nagpatuloy at nagsimulang magsalita tungkol dito. Nalaman mo na lang, naligaw na siya. At isang bagay ang nasabi niya, sabi niya, “Kapatid na Branham, nasaan na ngayon ang nilalang na iyon? Sabi ng Diyos ‘nag-iisa sa kanyang uri.’ Ngayon nasaan na ‘yung nilalang na sinabi mo na nasa pagitan ng tao at ng hayop, na hindi na mahanap ng

siyensiya ngayon? Nasaan na siya?” Sabi, “Nasa lupa ba siya? Siya ba’y isang chimpanzee?”

290 “Hindi, dahil ang dugo ng chimpanzee ay hindi puwedeng humalo sa babaeng tao, wala nang iba pang hayop na puwedeng humalo sa kanya. Hindi, hindi ito maihahalo, ni hindi rin mapaghahalo ang semilya ng lalaking tao sa—sa babae nito. Hindi ito uubra.”

291 “Kung gayon ay nasaan na ang naturang hayop? Ngayon, ang sabi ng Diyos, ‘Ang bawat bagay ay bukalan nang ayon sa kani-kanyang uri.’”

292 Naghintay ako ng ilang sandali. At ang katamisan ng Espiritu Santo ay nagsabi, “Sabihin mo sa kanya, ‘Narito ito.’”

Ngayon, noong una ang sabi ko, “Buweno, maaaring wala na ito.”

Sabi niya, “Pero, Kapatid na Branham, iyan, ang Salita ang pinag-uusapan natin, hindi ba?”

293 Sabi ko, “Oo, ginoo.” At sabi ko, “Sila, siyempre, ay nag-aangkin na ang ibang mga bagay, tulad ng mga dinosaur at—at dambuhala, at iba pa, mga dambuhala, mga dambuhala, pala, ang mga iyon ay wala na, at kung anu-ano pa.” Sabi ko, “Maaaring ganun iyon.”

294 Sabi niya, “Kapatid na Branham, pinag-uusapan natin ang pagpapatunay ng Salita. Kung narito ang kasalanan; samakatwid, ang orihinal na kasalanan, ay dapat na narito rin.”

295 At sabi ko, “Panginoong Jesus, sinabi Mo, ‘Huwag ninyong ikabalisa kung ano ang inyong sasabihin kapag humarap kayo sa tao, sapagkat sa oras ding iyon ay ipagkakaloob ito sa inyo.’ Panginoon, ano po ang sasabihin ko?” Sabi Niya, “Sabihin mo sa kanya, ‘Narito ito.’” Sadyang katulad kung paano ko nakikita ang mga pangitain sa entablado.

296 Sabi ko, “Narito ito,” na hindi alam kung nasaan nga.

Sabi niya, “Nasaan?”

At bago pa ako makapag-isip man lang, sabi Niya, “Iyon ay ang serpiyente.”

297 Ganun nga talaga kung ano ito, sapagkat hindi na siya isang hayop na kagaya ng dati. Siya’y isinumpa at ginawang gagapang na sa nalalabing buhay niya. Narito nga siya. Tama ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At nagpapatuloy pa rin sa ganoong gawa na kanyang ginawa, nananatili pa rin ang siya ring kasalananang iyon na kumikilos sa isang babae, gaya ng pakikipagtalik sa lalaki na parang ganyan. Diyan kung saan siya nagkakaroon ng lango nang kalagayan at mga ganung bagay, kapag nagkakaroon siya ng kanyang mga sensasyon na lagpas pa kaysa kaya ng sinumang lalaki.

298 Hihinto na ako diyan dahil magkahalo ang ating mga tagapakinig. Mag-iimbiba ako ng ilang kalalakihan, ako'y... marami pa kaming pag-uusapan tungkol dito. Nasa akin ang lahat ng mga papel at gayong mga bagay na naririto mismo, na hawak ko mismo ngayon, at tatalakayin ko sana ito sa inyo ngayong umaga. Gugugulin ko sana ang buong araw sa ganito, subalit magtatapos na ako ngayon sa pagsasabi nito.

299 Ito'y sa iglesya ko lang. Hindi ng iglesya ko... Ang munting kawan na naniniwala sa akin at sumusunod sa akin, ito'y sa kanila.

300 Noong isang araw, nalalamang kapag may sinabi ako sa inyo na anuman, ay dapat itong dumating na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sa ganoon ay nakuha ko ang Mga Kasulatan habang ipinahahayag Niya ito sa akin. Subalit, "Panginoong Diyos, ano po ang maaari kong sabihin sa kongregasyon na iyon? Magkakaroon ako ng mga paghihiwalayan. Mauupo ang mga lalaki sa balkonahe at doon sa bakuran, at saan pa man, 'Iiwanan ko ba siya?' Ang mga babae naman, 'Iiwanan ko ba ang aking asawa?' 'Ano ang gagawin ko?'" Sabi ko, "Panginoon, ano po ba ang maari kong gawin?"

301 May Isang Bagay na nagsabi sa akin, "Pumaroon ka sa bundok, at Ako'y makikipag-usap sa iyo."

302 At habang nasa bundok ako, na hindi ko alam na doon pala sa Tucson ay nakikita nila Ito. Subalit maging ang mga guro ay tinawag ang mga bata mula sa... ang maliit kong anak na babae at sila, mula sa silid-aralan, at sabi, "Tingnan n'yo roon sa bundok na iyon! May isang parang nagliliyab na bagang Ulap na pumapaitaas sa ere at bumababa, pumapaitaas sa ere at bumababa."

303 Gng. Evans, naririto ka ba? Ronnie, narito ka ba? Bumalik ako roon sa may istasyon, ang batang lalaki na ito na nasa may gasolinahan, sa gasolinahan ng mga Evans doon. At bago ko nalaman kung ano ang sasabihin ng naturang batang lalaki, nagulat ako sa kanya, sabi ba naman niya, "Kapatid na Branham, naroon ka sa bundok na iyon nung oras na 'yun, di po ba?"

304 Sabi ko, "An'ng ibig mong sabihin, Ronnie? Hindi," kita n'yo, para lang tingnan kung ano ang kanyang gagawin. Maraming pagkakataon na may mga bagay na nagaganap, hindi ko na, hindi mo na ito sinasabi pa sa mga tao. Ito'y nagiging... Ang punto rito ay, napakarami mo nang nakikita na nangyayari, na nagiging pangkaraniwan na lang ito sa iyo. Kita n'yo? Hindi ko na lang sinasabi sa mga tao. Sabi ko, "Ronnie, ano ang iyong..."

305 Sabi niya, "Maipapakita ko sa iyo kung saang banda ka mismo naroon." Sabi, "Tinawag ko si mama, at kami'y tumayo rito at pinanood ang Ulap na iyon na nakalutang doon, na

tumataas at bumababa. Sabi ko, ‘Siguradong si Kapatid na Branham iyon na nakaupo sa isang dako roon. Ang Diyos iyon na nakikipag-usap sa kanya.’”

³⁰⁶ At ang buong siyudad, ang mga tao, ay pinagmasdan Ito. Sa isang maaliwalas na araw na wala talagang mga ulap kahit saan, na itong malaking kulay-baga na Ulap ay nakalutang doon; bumababang tulad sa isang imbudo, at bumabalik at kumakalat.

³⁰⁷ Mga kaibigan, at pagkatapos ako’y magtatapos na, makapagpapatuloy na kayo mula rito. Iyon ay noong kasalukuyang inihahayag Ito sa akin, kung ano ang sasabihin ko sa inyo ngayon mismo, kaya huwag n’yong palampasin Ito.

³⁰⁸ Ngayon ay nangungusap ako sa aming mga tagasunod lamang, na sumusunod sa akin at sa Mensaheng ito lamang, hindi sa mga taga-labas. Saksi ko kayo rito sa harapan ng Diyos. Ito’y sa grupo lang na ito!

³⁰⁹ Nasumpungan tayo ngayon sa ganitong kaguluhan dahil sa teolohiya na mali ang pakahulugan. Tama ba? Kaya nga kayong mga kababaihan ay nag-asawa nang pangalawang beses, at kayo ring mga kalalakihan, dahil sa teolohiya na mali ang pakahulugan. Ngayon ay may gusto akong ipakita sa inyo na sinabi Niya sa akin.

³¹⁰ At kung ang Diyos, na siyang ating Tagapaglikha, ay tinanong ng tanong na iyon noong naparito Siya sa lupa, si Jesus Cristo; at noong dumating ang propeta Niyang tagapagpalaya, si Moises, doon sa Egipto, upang ilabas ang mga anak mula sa—sa Egipto, upang dalhin sila sa lupang pangako; at sinabi rito ni Jesus na nakita ni Moises sa ganitong kalagayan ang mga tao, at binigyan niya sila ng kasulatan ng paghihiwalay, dahil ganoon na ang kalagayan noon. Nakita ni Moises ang ganoon, tulad sa, “Ipaubaya ninyo sa kanya . . .” Pinahintulutan ng Diyos si Moises, ang propetang iyon na isinugo sa mga tao, na ibigay sa kanila ang kasulatan ng paghihiwalay na ito.

³¹¹ At sa Unang Mga Taga Corinto, sa—sa ika-7 kabanata, sa ika-12 at ika-15 talata, sa propeta ng Bagong Tipan, na si Pablo, na kinaharap din ng ganitong bagay sa iglesia, at sinabi ang ganito, “Ito ay ako, hindi ang Panginoon.” Tama ba? Dahil sa mga kalagayan ng paghihiwalayan.

³¹² “Hindi gayon sa pasimula.” Subalit pinahintulutan si Moises tungkol dito, at kinilala ito ng Diyos na katuwiran. At si Pablo rin naman ay may karapatan, noong makita niya ang kanyang iglesia na nasa ganoong kalagayan.

³¹³ Ngayon paniwalaan n’yo na totoo Ito, paniwalaan Ito na galing sa Diyos! At sa pagpapatunay ng Kanyang Ulap at ng Kanyang Mensahe na umakay sa akin hanggang sa ngayon, hindi ba ako dapat pahintulutan din ng Diyos doon sa itaas ng bundok na gawin ang ganoon din, na pahintulutan kayo

na magpatuloy sa kung ano na kayo, at huwag na itong gawin pang muli! Magpatuloy kayo kasama ng inyong asawang babae at mamuhay nang payapa, sapagkat ang oras ay huli na. Ang Pagparito ng Panginoon ay malapit na. Wala na tayong panahon pa para himayin ang mga bagay na ito. Huwag na kayong mangahas pang gawin itong muli! Ako'y nangungusap lamang sa aking kongregasyon. Subalit kung ika'y nag-asawa na. . . At pinatotohanan ako ng Diyos doon, sa bundok, na maaari ko itong sabihin, na isang supernatural na kapahayagan, dahil sa pagbubukas ng Pitong Selyo, at na ito'y isang katanungan sa Salita ng Diyos. “Hayaan mo silang magpatuloy sa kung ano na sila, at huwag nang magkasala pa!”

³¹⁴ “Hindi gayon sa pasimula.” Siyanga, hindi gayon, at hindi magiging ganoon sa huli. Ngunit sa ilalim ng mga modernong kalagayan, bilang lingkod ng Diyos. . . hindi ko tatawagin ang sarili ko na Kanyang propeta; ngunit naniniwala ako na marahil, kung hindi man ako ang isinusugo para diyan, naglalalatag na ako ng daan para sa kanya kapag siya'y dumating na. Kaya sa ilalim ng mga modernong kalagayan, inaatasan ko kayong umuwi sa inyong tahanan, na kasama ng inyong kasalukuyang asawa. Kung masaya ka sa kanya, mamuhay kang kasama siya, palakihin n'yo ang inyong mga anak sa mga aral ng Diyos. Subalit mahabag nawa ang Diyos sa inyo kung inyong gagawin iyan muli! Pangaralan n'yo ang inyong mga anak na huwag na huwag silang gagawa ng ganoong bagay, palakihin n'yo sila sa mga aral ng Diyos. At ngayon na kayo ay kung ano na kayo, tayo'y magpatuloy na ngayon, sa huli nang oras ng gabi na ating kinabubuhayan, at “magtumulin tayo hanggang sa dakilang pagtawag kay Cristo,” kung saan ang lahat ng mga bagay ay magiging posible.

³¹⁵ Hanggang sa makita ko kayo mamayang gabi, pagpalain kayo ng Panginoong Diyos, habang tayo'y nananalangin.

³¹⁶ Panginoong Diyos, pinasasalamat Ka po namin. Pinupuri Ka namin. Ikaw po ang siya pa ring Jehovah na nagpahintulot kay Moises. Si Moises, ang lingkod na iyon, at ano kaya ang sasabihin niya sa kanyang bayan? At, Diyos, pinahintulutan Mo siyang magbigay ng isang kasulatan ng paghihiwalay. Si Pablo, ang dakilang Apostol na siyang sumulat ng Bagong Tipan, kung paanong si Moises naman ang sa Luma. Isinulat ni Moises ang Mga Batas at isang dispensasyon ng mga batas. Marami sa mga propeta, na ang kanilang mga salita ay ipinasok Dito, ngunit isinulat ni Moises ang Mga Batas. At pinayagan Mo siya ng isang kasulatan, para sulatan sila ng kasulatan ng paghihiwalay, dahil sa katigasan ng kanilang puso.

³¹⁷ Ang dakilang si San Pablo, bilang siyang sumulat ng Bagong Tipan, ay makapagsasabi rin ng ganoong pahayag, na, “Ako'y nagsasalita sa ilalim ng ganitong mga kalagayan; ako, hindi ang Panginoon.”

318 Gayon din ngayon, Panginoong Diyos, sa katapusan ng sanlibutan, samantalang naririto kami sa ilalim ng kahabagan ng Diyos, nalalaman na hindi na magtatagal ay mananagot na kami sa Kanyang Presensya. At dahil napakarami Mo na pong ginawa, Panginoon, natitiyak ko, sa harapan ng mga taong ito, manghahawakan sila Rito na para bang Ito'y galing sa Iyo. At para patotohanan dito ngayon, ng maraming taong nakaupo rito na nakakita pa nga doon sa Tanda na iyon sa itaas ng bundok, kung saan ang mga Anghel ng Panginoon ay dumating na nasa ipuipo, kung saan dumating ito sa pitong Anghel, kung saan ang paghahayag ng Pitong Hiwaga ay nabuksan; at ang Anghel ding iyon, sa direksyon ding iyon, sa bundok ring iyon, noong araw na Ito'y maihayag!

319 Diyos, dalangin ko po na umuwi ang mga taong ito na nagpapasalamat na pinagkalooban sila ng Diyos ng biyayang ito. Sinalita ko lamang Ito, Panginoon, dahil sa kapahintulutan. At sinasabi ko lamang Ito dahil sa kapahintulutan, Panginoon. At ang naturang mga tao nawa'y maging lubos na mapagpasalamat na hindi na nila muling gagawin pa ang kasalanang iyon! At hindi na nawa nila subukan kailanman na gumawa ng anumang kasalanan, kundi ibigin Ka nang buong puso nila. Panginoon, gawin Mong masaya ang mga pamilyang ito, at lumago nawa sila at palakihin ang kanilang mga anak sa mga aral ng Diyos.

320 Sapagkat, ang Mensahe ko na nasa aking puso ay naiparating ko na, Panginoon. Nagawa ko na ang lahat ng alam kong gawin. At nakipagbaka sa akin si Satanas sa loob ng maraming linggo, at mga oras na walang tulong. Subalit ngayon ay iniaatas ko po Ito, Panginoon, sa mga taong ito, na pag-aralan nila Ito, at magpatuloy at mamuhay para sa Iyo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Wala na Ito sa mga balikat ko ngayon. Nasa Iyong mga kamay na sila. Idinadalangin ko po na Iyo silang pagpalain.

321 Pagpalain Mo po ang mga panyong ito, Panginoon, na kalalatag lang dito, para sa mga may sakit at may karamdaman. Ang gabing ito nawa ay maging isa sa mga pinakadakila, makapangyarihang mga gabi, na lahat ng mga tao ay gumaling. Ipagkaloob po ito, Panginoon. Sama-sama Mo po kaming pagpalain.

322 Humayo nawa kaming may kapayapaan, masaya, nagagalak, dahil sa ipinakita sa amin ng Diyos ng sangnilikha ang "buhat sa pasimula," at binigyan kami, sa aming magulong kinahantungan, ng Kanyang biyaya muli, sa mga huling araw na ito. Oh Dakila at Walang Hanggang Diyos, gaano Ka po namin pinasasalamatan dahil dito! At lubos nawang magalak ang aming mga puso, na hindi na kami magkakaroon pang muli ng pagnanasang magkasala sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.


I love Him, (bakit n'yo nga naman Siya hindi
mamahalin?) I love Him
Because he first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's . . .

³²³ Sinasabi ko na ito ngayon upang maunawaan ng mga ministro. Ito'y para lang sa kanila na sumusunod sa Mensaheng ito!

³²⁴ Oh, masaya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinabi ko na sa inyo ang Katotohanan, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mula sa simula hanggang sa dulo nito! ["Amen!"]

³²⁵ Ngayo'y magsitayo tayo at itaas ang ating mga kamay, habang inaawit natin itong muli, "I love Him." Mahal ko Siya dahil sa Kanyang biyaya. Mahal ko Siya dahil sa Kanyang awa. Mahal ko Siya dahil sa Kanyang Salita. "At ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta!"

I Love Him.

³²⁶ Halika ka na, kapatid. [May pinalapit si Kapatid na Branham para magpauwi na sa kongregasyon—Pat.] 

PAG-AASAWA AT DIBORSIYO TAG65-0221M
(Marriage And Divorce)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Pebrero 21, 1965, sa Parkview Junior High School sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org